
# Haunted Churches

by Sharron R. Navera



PSICOM
psicompublishing.com



# Haunted Churches

Sharron R. Navera

PSICOM
psicompublishing.com

# Haunted Churches

Copyright 2008 PSICOM Publishing Inc.
All Rights Reserved
First Printing 2008
Published and printed by PSICOM Publishing Inc.
Quezon City, Philippines

Most names of the characters in the stories found in this book have been changed to protect their real identities.

If you have any ghost stories, feel free to share them with us*. E-mail us at psicom@psicompublishing.com.

For comments and suggestions, text us at 639189305034.

Join us to discuss horrific encounters at our messageboard, http://www.psicompublishing.com/forum.

**All submissions will become the property of PSICOM Publishing Inc.*


ISBN: 978-971-0372-81-2

PSICOM
psicompublishing.com

# Table of Contents


| | |
|---|---|
| "Neneng" | 8 |
| Estrella | 13 |
| "Kasalan" | 19 |
| Ang Ikatlong Maria | 25 |
| Ang Kampanerang Lola sa Bahay ni Kuba | 29 |
| Ang Simbahan ng San Carlos | 38 |
| Ang Simbahan ng Maligno | 45 |
| Hustisya | 51 |
| Kampana | 57 |
| Ang Ina at Anak | 62 |
| Ang Santo ni San Manuel | 68 |
| "VTR" | 75 |
| Kasal, Kasali . . . Kabangkay | 80 |
| Nagsisimba Pa Sila | 87 |
| Father Peter O. Saint James | 93 |
| Katok | 98 |
| Ang Babae, Ang Pari, at ang Medalyon | 103 |
| Kapilya | 107 |

*sa pinakamamahal kong lolo*



# Paunang Salita

Simula pa lamang noong bata ako, mas marami na akong nakikitang multo at ispirito sa loob at labas ng simbahan. Pero hindi ito dapat maging hadlang o dahilan para hindi tayo magsimba o magtiwala sa Maykapal. Ito ay dapat na gawin natin lagi para sa ikakabuti rin natin dito at sa kabilang buhay.

Isa-isahin natin ang mga dahilan at ilang paksa kung bakit mas gusto ng mga multo at ispirito na manirahan sa loob ng simbahan.

*Ang paniniwalang dapat ay walang multo sa simbahan dahil takot sila sa holy water* - Ang kelangan ng multo at ispirito ay lugar na malamig, tahimik (dahil nagdadasal din sila), mababa ang ilaw, at mataas ang spirituality. Sabi nga sa pelikula, ang simbahan ay sanctuary ng mga tao noong unang panahon kaya madalas na pumunta ang mga tao sa simbahan kapag panahon ng giyera o sakuna o kalamidad. Maging ito ay totoo sa mga multo—sanctuary rin para sa kanila ang simbahan.

*Mga kuwento ng babaeng nalalaglag sa tore o bell tower ng simbahan* - Hindi lahat ng kuwentong ganito ay totoo. Ang iba sa kanila ay pawang urban legend lamang. Ayon sa pari na nakausap ko, ang tore ng simbahan ay isa sa mga pinakamataas na structure sa isang bayan o barrio kaya dito may nakikitang nagsu-suicide o tumatalon para makatakas sa kasalukuyang buhay nila. At may mga pari rin na nakikitang tumatalon, 'yun nga lang ay inakala na babae dahil sa suot nilang sutana.

*Paring pugot, manananggal na namamatay sa kampana* - May mga kwento na may mga paring pugot ang ulo. Maging ako ay may kuwentong ganito. Pero hindi lahat ay tunay. Ang iba ay paraan lamang para walang gawing kakaiba ang mga tao sa paligid ng parokya.

Ang kuwento naman ng manananggal ay hindi totoo. Ang mga inaaakalang mananggal na namamatay sa tunog ng kampana ay mga paniking nakatira sa bell tower na nabubulabog kapag pinatunog na ang kampana ng simbahan.

*Naglalakad na santo* - Prep pa lang ako sa St. Joseph's School sa Pandacan na katabi nito ay ang simbahan ng Sto. Nino, kuwento na 'yan sa akin ng mga teacher ko, classmates ko, at lolo ko. Hanggang nagtapos ako ng high school ay hindi tumigil ang kuwento ng naglalakad na santo. Ngunit kailanman, hindi umalis ang santo sa kanyang kinalalagyan. Nilalakad siya kapag fiesta, oo.

Wala rin akong nakikitang masamang ispirito sa loob ng simbahan, dahil sa napakasagrado ang loob nito. Kung paano tayo nagsisimba, ganun din sila sa kabilang buhay. 'Yun nga lang, mas hopeless sila kaysa sa atin. Nagkakaroon sila ng matinding depression. At tulad natin kapag malungkot, simbahan ang tuloy nila.

Ito ang dapat nating tandaan: hindi nakakatakot ang multo. Nakakagulat lang minsan. Hindi natin dapat na isiping pumapatay sila, o 'yung mga multo na basta na lang papasok sa katawan ng tao at gagawa ng masama. Sabi nga ng isang guro ko na si Sir Paul Reyes, ang multo ay isang "romantic story." Kuwento nila ay puno ng pagmamahal, pagaalala, paghingi ng kalinga sa mga nabubuhay nilang mga kamag-anak. At dito naiintindihan namin ang kahalagaan ng buhay . . . at mabuhay.


Kaya sa susunod ninyong pagsimba, ipagdasal din natin ang kaibigan natin sa kabilang buhay. Maaring sila rin ay humihingi ng kaun-

ting pagmamahal ninyo.

Ang mga kuwentong inyong mababasa sa aklat na ito ay pawang mga tunay na nangyari. Ang mga pangalan ng lugar at tao ay binago ko para sa kapakanan ng mga binanggit sa mga kuwento.

Ang mga kuwento sa *Haunted Churches* ay pagpapatunay na maging ang mga multo at ispiritu ay kinakalinga at inaaruga ng simbahan.

Sharron R. Navera



# "Neneng"

*Itong istoryang ito ay nangyari noong panahon ng rebolusyon. Lagi kong kasama ang lola ko na tawag namin ay Neneng. Noong May 29, 2008, siya ay 15 taon nang nasa piling ng Maykapal.*

Nakatulog ako sa loob ng simbahan. Nararamdaman ko ang hininga ng isang tao sa may mukha ko. Pagbukas ng mata ko, isang malaking ulo ng mabalahibong mukha na may nanlilisik na mata ang bumulaga sa akin. Hindi ako makagalaw sa upuan ko. Nilingon ko ang paligid ko. Nakita ko ang mga tao na kalmado na nakikinig ng misa. Alam kong ako lang ang nakakakita sa kanya kaya hindi ako makasigaw o makapagsalita man lang.

Alam ko ang nakita ko, isang maligno. Pero dahil sa wala pa akong alam sa mga kababalaghan noon, hindi ko maintindihan ang mga nangyayari. Pinikit ko ulit ang mata ko at pagdilat ko nawala ang mukha. Sumunod na nakita ko ang lola ko na nanlilisik ang mga matang galit sa akin dahil sa pagtulog ko habang misa.

Lagi na lang ako ginigising ng lola ko ng 2 a.m. tuwing Linggo para magsimba sa Saint Anthony malapit sa lungsod ng Makati. Minsan wala pa kaming masakyan dahil sa sobrang aga. May misa kasi ng 4 a.m. Minsan ay kami pa nagbubukas ng simbahan. Iilan pa lang na tao ang nasa loob. Madaming dumadalo sa ganun kaagang misa kapag simbang gabi.

Isang beses, maaga naming narating ang simbahan. Wala pang



tao masyado, pero bukas na ang gate nito. Inikot ko ang paligid nang may nakita akong dumaan na puting anino sa loob ng eskuwelahan nito (na nasa gilid ng simbahan). Hindi ko pinansin ito. Akala ko ay guard na nagroronda.

Madami akong nararamdaman sa simbahan na 'yun. Minsan, may nakikita akong isang bata na nasa gitnang pasilyo ng kapilya. Kinalabit ko lola ko. Sabi ko, "Kanino kayang anak ang bata na 'yun?" Pero wala siyang nakikita. Kurot at palo ang inabot ko. 'Di bale, bago naman kami umuwi ay may goto at palabok. 'Yun lang inaabangan ko.

Alam ko na bawat Linggo ay may nakikita akong isang ispirito. Ang isa sa kanila ay lagi kong nakakasama at umaaliw sa akin para hindi ako makatulog sa misa. Siya si Marilyn (binigyan ko siya ng pangalan para lang mayroon akong maitawag sa kaniya). Isa siyang napakagandang babae. Mahaba at maitim ang buhok niya na umaabot sa bewang niya. Lagi siyang nakaputi na puffed ang sleeves, parang damit ng bata. Nakapaa lang siya, pero ubod ng puti ang sakong at mga kamay niya. Kulay brown ang kanyang mata at may hawak lagi na libro sa kanang kamay.

Tuwing magkikita kami sa simbahan, lagi niya akong nginingitian at dinadalhan ng bulaklak galing sa mga santo. Minsan nakikita ko siyang umiiyak at walang kibo. Nag-iisip tuloy ako na ako ang dahilan ng problema niya.

Halos ilang buwan kaming nagkikita. Minsan, naglalaro pa kami sa may eskuwelahan. Ilang beses na nakita ko siyang umiiyak. Sinabi ko sa kanya na sabihin sa akin ang problema niya. Sa unang pagkakataon, nagsalita siya. Aalis na daw kasi ang pinakamamahal na pari ng simbahan (British kasi ang paring matanda na gustong-gusto ng lola ko). Tinanong ko kung saan siya pupunta. Sabi niya ay hindi niya alam.

Sumunod na linggo, namatay ang pari. Binurol ito sa loob ng

simbahan at madaming tao ang gustong makita ang kaniyang labi. Pati ang lola ko ay napaluha sa kanya. Mabait si Father Carlos, puno lagi ng saya ang misa niya, ginigising ang buong parokya sa maaga niyang pagsalubong sa mga tao.

Pero sa edad na 82, pinakamamahal siya ni Saint Anthony. Lagi niyang kwento ang mga santo at buhay nila. Pati ang mga ispirito sa loob ng kanyang simbahan ay nagdalamhati. Isa na doon si Marilyn.

Naniniwala daw kasi ang pari sa kanila kaya bago ito matulog, pinagdadasal at binabasbasan ang buong simbahan. "Minsan kinakausap niya kami habang nasa confession booth siya. Ang iba sa amin, nakakita na ng liwanag dahil pinapagkumpisal niya. Pinahanap din niya ang bangkay ng bata na gumagapang sa simbahan na noon ay pinatay ng nanay at binaon sa isa sa mga puno ng parokya," ang kuwento sa akin ni Marilyn.

Tinanong ko si Marilyn ng kwento niya at kung bakit nasa simbahan pa siya. Isa siyang novice ng mga madre, na-assign siya sa simbahan noong 1968. Naging bahay na niya ang parokya. Isang araw, nagkaroon ng malaking sunog sa harapan nito. Pilit na sinasalba nila ang mga bahay na unti-unting nagiging abo.

Tumawid siya na may dalang mga lumang damit at pagkain sa mga nasunungan nang may biglang kotse na humagip sa kanya. Tumilapon siya ng ilang metro. Agad namatay ang novice. Hindi na nakita o nalaman kung sino ang nakabunggo sa kanya.

Hanggang nung mga panahon na 'yun ay naglilingkod pa rin siya sa simbahan, pero dumadami ang mga espiritu sa lugar niya. Pati mga masasamang engkanto ay nasa paligid na simula nang mamatay ang pari.

Palm Sunday noon. Hawak ko ang palaspas na binili namin. Ang lola ko, nagsimula na magrosaryo sa hagdan ng pintuan ng simbahan. May sumutsot sa akin. Tumingin ako sa paligid, wala naman

akong nakita. Biglang may maliit na sanga na tumama sa bumbunan ko. Tumingala ako. Isang kapre sa puno ng acacia! Nagtaka ako. Akala ko ang mga kapre ay nasa itaas lang ng puno ng mangga. Inisip ko baka naligaw siya ng lugar. Siya rin ang nakita ko na balbong mukha noong minsang naidlip ako sa misa.

Binato ko rin siya ng bato, pero ako pa ang natamaan sa noo. Biglang bumaba sa puno ang kapre. Natandaan ko ang mga kwento sa akin ng lolo sa mga maligno at mga ispirito na nakasalamuha siya noong nasa bundok pa siya at nagtatago sa mga Hapon. Ang sabi niya ang kapre ay bantay ng puno. Madalas silang nakikita sa mga puno na may prutas sa gubat. Sila daw ay may tabako na kapag ito ay nahawakan ng tao ay malamang siya ay magkaroon ng kayamanan o lahat ng hiling niya ay ibibigay ng kapre.

Tinanong ng kapre sa akin kung nakikita ko siya. Sabi ko, oo. Binati ko siya sa maganda niyang puno ng acacia.

Pag-upo ko sa tabi ng lola ko, narinig ko na may mga taong nagsasalita sa loob. Pero alam kong wala pang tao doon kung hindi ang nagme-maintain ng parokya. Sinilip ko sa gilid ng pintuan, may nagmimisa na sa loob. Sabi ko sa lola ko, nag-uumpisa na ang misa. Tumayo ang lola ko sabay batok sa akin.

Wala daw tao, madilim pa. Sinilip ko ulit. Meron talagang misa na, naririnig ko. Nang buksan ang mga pinto, nakita ko ang pumanaw na pari na nagmimisa. Hindi ako makapaniwala. Hinanap ko si Marilyn.

Sabi niya ayaw iwan ni Father Carlos ang simbahan. Naging bahay na niya ito simula pa noon.

Marami pang mga kwento sa simbahan na ito. Sabi nga nila, halos araw-araw ay may nakikita ditong maligno o multo. Hanggang ngayon.




Noong bata ako, may isang babaeng taong-grasa sa harap ng simbahan sa Maynila. Dahil sa doon din ako sa tabi nun nag-aaral, lagi akong dumadaan sa simbahan at lagi ko siyang nakikita. Minsan kapag may baon ako na 'di ko gusto, binibigay ko sa kanya. Natutuwa naman siya sa akin. Hindi ko pwedeng sabihin na may sira ang ulo niya dahil ganun ang itsura niya. Ang ngiti niya sa bawat bigay ng tao ay kakaiba. Nilagyan din siya ng pwesto sa isang lagusan sa loob ng simbahan para kapag umuulan, nakakasilong siya doon. Ang lola ko nga ay pilit akong pinapalayo sa kaniya dahil may tama daw ang ulo niya. Pero dahil sa maawain ako sa tao, patago akong nagbibigay sa kanya.

May katabaan siya na tulad ng matandang halos malaglag na ang tiyan. Nasa mahigit na 50 years old na siya. Wala na siyang ngipin at ang kanyang paa ay puno na ng kalyo. Mahaba ang buhok niya na nakapusod ng tulad ng lola ko.

Singkit ang mata niya, at kahit na taong-grasa siya ay maputi ang balat niya . . . 'yun eh kapag napapaliguan siya ng mga health workers. Ang damit niya ay maiitim na, pero gustong-gusto niya kapag nakakakuha siya ng bagong damit sa simbahan.

May paniniwala rin siya. Nagdadasal din siya sa loob bago siya maupo sa pwesto niya sa labas. At kapag Linggo, tuwang-tuwa siya sa mga bata na naglalaro sa labas. Hindi mo minsan mapapansin na may dinaramdam siya o may tinatagong lungkot.

Bago ako nagtapos ng high school, napansin ko na hindi siya nagkakaedad. Halos sampung taon na kaming araw-araw na nagkikita, pero dahil sa inisip kong ganun talaga siya, hindi ko ito pinansin.

Lumipat kami ng lugar, halos hindi na ako nagsisimba sa lugar na iyon. Nawala na rin siya sa isip ko . . .

Fourteen years later, nag-reunion kami sa eskuwelahan namin. Maaga akong dumating para makaabot sa misa sa dati kong parokya. Pumasok ako sa loob. Napatigil ako. Napansin ko ang isang taong-grasa sa labas. Kamukha ng matanda na noon pa ay nakikita ko na. Kinilabutan ako. Siya pa rin kaya 'yun? Buhay pa siya?

Bumalik ako. Nawala siya. Baka nag-CR.

Um-attend ako ng reunion namin. Nang lumabas ako, nakita ko ulit siya. Kumuha ako ng barya at binigyan ko siya. Hinawakan niya ang kamay ko at natakot ako bigla.

May nakita akong kwento niya. Nang nagtapos kami ng high school, pinadampot siya ng kura. Madahas ang pagkuha sa kanya. Bigla siyang kumawala mula sa pagkahawak ng mga pulis at DSWD sa kaniya. Sa pagtawid niya, nasagasaan siya ng trailer. Hindi na halos siya makilala dahil durog na durog ang kanyang katawan.

Dinala ang bangkay niya sa isang hindi kilalang funeral parlor. Binenta sa mga medical students ang labi niya. Naramdaman ko ang lungkot niya, halos manlumo ako sa hinagpis niya sa loob.

Sa unang pagkakataon, nagsalita siya. Humingi siya ng tulong. Nagtanong ako kinabukasan kung saan dinala ang bangkay ng pulubi na namatay ilang taon na ang nakakaraan. Binigyan ako ng contact person sa DSWD, pero wala na doon ang taong umasikaso sa kaso niya. Doon ko nalaman ang pangalan ng funeral parlor. Agad kong pinuntahan ito. Ayaw magbigay ng impormasyon ang eskuwelahang pinagbentahan sa

labi niya. Bumalik ako sa simbahan.

Hinintay ko siya, pero hindi nagpakita ang matanda. Pumasok na lamang ako sa loob at nagdasal na sana magpakita siya at may mga itatanong ako sa kanya.

Paglabas ko, napansin ko na umuulan. Kapag umuulan, nasa loob siya ng kumbento . . .

Tumakbo ako at nakita ko siya sa madilim na sulok. Tinanong ko siya kung may kamag-anak pa siyang natitira. Hinawakan niya ang kamay ko at nakita ko ang kuwento niya.

Nang mag-asawa ang kanyang anak na babae, masyado itong inabuso ng asawa niya. Minsan ay halos hindi na ito makilala sa bugbog sa mukha. Dumating ang matanda mula sa probinsya para dalawin ang anak. Agad na nakita niyang sinusuntok ng kaniyang manugang ang kaniyang anak. Tumakas sila ng anak niya sa bahay, pero naabutan sila ng lalaki. Tinaga ang anak niya sa balikat at nang siya ang sasaktan, agad na tumakbo ang matanda. Mula noon, nawala sa sarili niya ang matanda. Hindi na rin ito nakabalik sa probinsya.

Nalaman ng mga kakilala ko sa simbahan na tinutulungan ko ang matanda. Nag-offer din sila ng tulong. Ang isang kaibigan ko ay isang abogado. Hinanap niya ang dating empleyado ng DSWD at nang matunton niya, ipina-produce ang mga gamit at papeles ng matanda. Doon namin nalaman na ang pangalan nito ay Estrella.

Gamit ang kakilala naman namin sa gobyerno, na-trace namin na ang pamilya niya ay nakatira sa Cabanatuan City. May mga kamag-anak pa na naninirahan doon.

Sa tulong ng mga pulis, ipinahanap namin ang records ni Estrella. Ito pala ay inilibing sa North Cemetery, sa common grave. Dahil sa hindi alam ang pangalan niya, numero lang ang binigay sa amin.

Sa wakas, nakita namin ang katawan ni Estrella.

Nilagay namin ito sa kabaong. Inayos at binigyan ng tamang burol. Sa gilid ng simbahan, inimbita namin ang ibang mga kakilala.

Pinuntahan ko ang pamilya niya sa Cabanatuan. Nakita namin ang isang typical na bahay sa probinsya. Yari ito sa kahoy at ilang se-mentong sahig. Malawak ang lugar at may mga nakatanim na bayabas at mangga sa paligid. Pumasok kami at nagtanong tungkol sa mga kamag-anak ni Estrella.

Bumaba ang isang matandang babae na nasa 60 na. Halos hirap na itong maglakad at magsalita. Sinabi na kapatid niya daw si Estrella at ito daw ay namatay na.

Sabi ng anak ng matandang ito na pangalawa sa magkakapatid, nang malaman niya ang lugar ng naglayas niyang anak na babae, agad na nagpa-Maynila si Estrella. Iniwan niya ang asawa niyang si Rodolfo at ang isa pa niyang anak na lalaki.

Dala lahat ang mga sulat at address ng anak na babae, ilang linggo na hindi umuwi si Estrella sa bahay nila. Hindi alam ni Mang Rodolfo kung saan hahanapin ito at kung saan siya pupuntahan.

Ilang araw pa, nakatanggap sila na sulat galing sa NBI na patay na ang anak nilang babae. Ang asawa nito ay nakakulong sa Muntin-lupa.

Nalaman din nila na may anak ito at agad dinala ng DSWD ang bata sa kanila. Pero walang balita kay Estrella. Hinanap nila ito halos apat na taon din, hanggang namatay si Mang Rodolfo hindi na nakita ang asawa.

Kinuwento namin ang nangyari sa kapatid ni Estrella. Napai-yak sila sa kwento at agad na gumayak papuntang Maynila. Bago kami pumunta dun, tumungo muna kami sa isang malaking bahay malapit sa

munisipyo.

Napakaganda ng bahay, dalawang palapag at may maliit na clinic sa dulong bahagi nito. Akala namin ay dadalhin namin dun ang kapatid ni Estrella. Lumabas ang maputing babae na may hanggang balikat na buhok. Bata pa ito, mga nasa 30 years old lamang. Nang makita ang kapatid ni Estrella, nagmano ito.


Nagpakilala ito. Siya ay ang Vice Mayor ng bayan. At siya ay ang apo ni Estrella.

Nang kinuwento namin ang nangyari, bigla itong lumuha. Limang taong gulang pa lang siya nang mapatay ang kanyang ina. Natatandaan niya na yakap siya ng kanyang lola habang tumatakbo ito, pero nang mapalo sa likod ang matanda natumba ito at agad siyang hinila ng kanyang ama.

Nagbihis ito at sinabing may aasikasuhin sa munisipyo para sa libing ng kanyang lola. Kinahapunan, nakarating sila sa simbahan. Nagmisa ang pari at nagulat kami sa taong dumating . . . napakadami.

Binasbasan ang matanda at kinabukasan, ilalakad na siya papuntang Cabanatuan. Sinama kami ng Vice Mayor at nilibing siya sa isang private na sementeryo.





# "Kasalan"

Pumasok ako mula sa likod ng simbahan. Nakita ko ang isang figurine ng bata na nakahiga sa dalawang magkahilerang kahoy. Paglabas ko sa may altar, bigla akong sinugod ng napakadaming tao. Lahat sila ay may inaabot na kapirasong papel sa akin. Kinuha ko ang isa. Nakalagay ang salitang "tulong." Sa sobrang dami ng tao, natumba ako. Nakakita ako ng isang tunnel sa likod ng altar. Gumapang ako hanggang nakapasok ako sa loob. Nakapa ko na napakadaming bungo ng tao. Agad akong lumabas, pilit na lumulusot sa crowd. Ang daming nag-aabot sa akin ng papel na may pangalan ng tao. Hindi ko alam ang gagawin, sumigaw na lang ako at lumuhod sa sahig.

Bigla akong nagising. Isang panaginip lang pala.

Lumipas ang ilang buwan, paulit-ulit kong napapanaginipan iyon. Bago mag-undas, inimbitahan ako ng pinsan kong si Gelai na mag-ayos ng isang kasalan sa Quezon Province sa simbahan ng Sta. Teresita. Una pa man, ayaw ko na siyang samahan dahil hindi ako talagang dumadalo sa kasalan o ano mang birthday celebration.

Hapon nang dumating kami sa lugar. Isang lumang simbahang nasa tuktok ng isang burol. May hagdan sa gitna na ngayon ay sementado na, sa gilid nito ay may lawn at mga puno ng kalachuchi at mangga. Ang parokya mismo ay kakapintura lang ng kulay pink na may puting linya na nagpatingkad sa antigong simbahan.

Kailangan naming mag-overnight para matapos ng umaga. Unti-

unti nang dumating ang mga pink na rosas at mga decoration ng pasilyo at ng altar. Mga 5 p.m., sinara na ang simbahan. Binigyan kami ng mga instructions ng kura paroko at ng mga namamahala. May malaking ilaw ang iniwan sa amin para matapos namin ang ginagawa ng buong gabi.

Inumpisahan namin ang pag-aayos. May isang bata na madumi ang itsura, naka-shorts na pula at sando na puno ng mala-uling na dumi. Ang napansin ko lang sa kanya, mayroon siyang balat sa kaliwang binti niya na korteng isda, mga nasa limang taong gulang siya. Lumapit siya sa amin at pinagmamasdan ang lahat ng kilos namin. Lumingon ako at tiningnan kung may lagusan pang natitira para makapasok ang paslit. Ang sabi ng tagapamahala ay wala nang bukas na pintuan kaya nga pinagbaon kami ng pagkain at tubig.

Inisip naming baka naman ampon ito ng kumbento o may pamilya na nakatira dito. Lumalim ang gabi, tinutulungan kami ng bata na isaayos ang mga décor. Napansin kong maghahating-gabi na kaya tinanong ko siya kung saan nakatira at ano ang number sa bahay nila para matawagan namin. Tinuro niya ang altar, doon daw siya nakatira. Tumawa kami at napagpasyahan na sabihan na lamang ang kura paroko tungkol sa bata at para maihatid bago magpaunang misa.

Ilang oras pa, napansin naming nawala ang bata. Sabi ni Gelai, baka nakatulog sa mga upuan kaya hinanap ko ito. Nakarating ako sa altar at nakita ko ang bata—tulog sa ilalim ng altar, sa pagitan ng dalawang magkahilerang kahoy! Kapareho ng panaginip ko!

Hindi ko pinahalata ang nakita ko, pero sa isip ko, doon ko nakita ang paslit sa panaginip ko, eksakto pati ang suot at ang itsura. Dinaan ko na lang sa trabaho.

Nang ilalagay na namin ang luhuran ng ikakasal, naramdaman ni Gelai ang hangin sa paanan niya. Bigla siyang natakot. Kumuha ako ng

kandila at sinindian ito. Ang hangin ay galing sa ilalim ng tabernakulo. May nakapa kaming maliit na pintuan. Nang mabuksan na namin ito, pinigil kami ng bata. Ayon sa kanya, may mga ipis sa loob.

Pagsapit ng 3 a.m., natapos din ang trabaho. Naaamoy ang bango ng rosas sa buong simbahan. Nagpasya kami na matulog sa dulong upuan at hintayin ang unang misa. Maya-maya ay may narinig akong sumutsot sa akin. Nilingon ko, pero tulog ang mga kasama ko. Paulit-ulit, hanggang sa in-ignore ko na lang.

Ilang sandali lang ay may maliwanag na bagay na naaninag ako. Bumangon ako mula sa pagkakahiga at nakita kong maraming taong nasa paligid ko. Ang mga tao ay nakasuot ng puting damit at belo na ang iba ay may nakasabit na kulay pulang ribbon na may istampita sa gitna. Lahat may hawak na kandila. Naisip ko na unang misa na.

Ginising ko si Gelai. Sabi ko ay unang misa na. Pagbangon niya, binato ako ng jacket. "Wala namang tao, eh!" Nagtaka ako. Madami akong nakikita, halos mapuno na ang simbahan.

Paghiga niya ulit, may nakita siyang mukha sa may ulo niya at nasisigaw siya. Tinakpan ko ang bibig niya. Pati ang iba naming kasamahan, iba-iba ang nakikita. Tinabihan nila ako (akala nila kasi hindi ako takot), at sinabing umalis na. Kakatulak namin sa isa't isa, nakarating kami sa altar. Nadapa ako at napansin namin na parang sumisikip ang lugar, para kaming sinasakal. Lumalaki ang ulo namin at lahat ng buhok ay nakatayo.

Nasusuka ako sa nararamdaman ko, para akong iniipit (sign ito ng napakadaming static energy na nasa paligid). Hindi ako makatayo, hindi rin ako makagalaw. Hinila ako ng bata sa ilalim ng altar.

Sabi niya sumigaw ako nang walang tunog at mawawala sila. Ginawa ko naman at . . .

Biglang namatay ang ilaw, nawala ang mga multo. Kinapa ko ang mga kasama ko. Biglang sumigaw si Gelai. Nakita niya sa kadiliman ang maliwanag na itsura ng bata. Hinawakan niya kami sa kamay at dinala sa upuan. Maya-maya ay sumindi na ang ilaw.

Ang sabi ng bata, noong panahon ng Hapon, nagtago lahat ng tao sa loob ng simbahan. Ang ibang kasama ng mga rebulusyonaryo, gumawa ng tunnel dito na kapag lumusot ka ay sa Lucena na ang labas mo.

Nang malaman ng Hapon ito, sinunog ang buong simbahan pero hindi nakita ang tunnel. Madaming namatay dito, halos buong bayan ang nasawi sa sunog at ginawa ito habang nagmimisa ang pari.

Sa ilalim ng upuan namin, nakakita akong ng mga puting papel. Kinuha ko ang isa. May nakalagay na "Sonia Fernandez." Katulad ng pangalang nakita ko sa panaginip ko! Tinanong ko ang bata tungkol sa papel. Wala siyang alam dito, pero noong pinapa-renovate ang simbahan, may nakita silang libro ng pari sa loob ng tunnel. Nakasulat dito ang mga huling nangyari sa kanila. May mga nakalista ring mga pangalan. Tinuro ng bata ang isang libro na nasa isang sulok ng simbahan, nakatago ito sa ilalim ng glass box.

Tinago ko ang papel sa bulsa ko. Hanggang magpaunang misa, nagkukuwentuhan kami ng bata tungkol sa multo habang ang iba ay tulog sa tabi ko.

Nasikatan na kami ng araw at saka nagpaalam ang bata. Alam ko na noon na multo rin siya.

Tinanong ko sa namamahala ang tungkol sa bata. Nalaman ko na noong 1984, may nawawalang bata na ang pangalan ay Henry. Ilang linggo siyang hinahanap ng buong bayan. Nang may masangsang na amoy na nagmumula sa may altar, nakita siya sa loob ng tunnel. Ang

tunnel kasi ay nabubuksan mula sa labas, pero hindi pwedeng buksan ito mula sa loob. Kapag nakapasok ka dito, hindi ka na makakalabas hangga't walang nagbubukas ng pinto mula sa labas.

Alam niyang nagpakita ang bata sa amin.

Kinabukasan bago ang kasalan, hinanap ko ang munisipyo. Hinanap ko ang civil registrar at nagtanong tungkol sa pangalan sa papel. May nakitang Sonia Fernandez na nakatira sa bayan. Pinuntahan ko ito, pero hindi ko alam ang sasabihin ko.

Pagturo sa akin sa bahay niya, agad akong nakakita ng matandang nasa 60 to 70 ang edad. Nilapitan ko, naglakas loob akong nagpakilala (sabi ko isa akong researcher ng isang programa sa TV). Tinanong ko kung may kamag-anak siya sa dating nasunog na simbahan. Sabi niya meron, ang nanay niya. Noong panahon na 'yun, dinala na sila sa isang pulo sa gitna ng dagat, pero sa liit ng lugar puro bata at iilang mga tao lang ang dinala doon. Nagtago siya sa simbahan at sinabing ligtas sila doon.

Inabot ko ang papel mula sa aking bulsa. Bigla itong naging dilaw. Kinuha niya ang isang litrato na lumang-luma na. Nasa larawan ay dalawang tao na nakasuot ng damit pangkasal. Nasa likod nito ang sulat ng magulang niya. Tinapat niya ang papel sa likod ng litrato—pareho ng sulat.

Kinuwento ko ang nakita ko. Napaluha ang matanda. Unti-unti akong umalis ng lugar.

Bumalik ako sa simbahan at uma-attend ng kasal. Nagligpit kami ng mga kasama ko at nakita ko ang bata. Sabi niya, "Salamat sa pagdalaw."

Bago ako umalis, pinagsindi ko siya ng kandila at pinagdasal ng taimtim.



# Ang Ikatlong Maria

Kinuwento sa akin ito ng kaibigan ko at estudyante na si Jay. Tungkol ito sa isang simbahan sa Cavite na may nakikitang tumatalon na babae. Ilang beses daw, pero sa ikatlong pagtalon niya ay nag-iiba ang hitsura niya.

Nalaman ito ng isang istasyon ng TV at agad na pinapunta kami sa lugar.

Napilitan akong puntahan isang tanghali ang lugar na iyon sa gitna ng Cavite. Nakaharap ako sa isang malaking basilica na puno ng magagandang bulaklak. Sa harapan, may maliit na park para sa mga tao na gustong magpalipas ng oras bago magsimula ang misa.

Yari sa lumang bricks ang buong dingding sa labas at sa loob nito, marmol ang sahig pati ang likod altar. Kulay bronze naman ang tabernakulo, pati ang mga santo ay halatang antigo.

Sinubukan naming umakyat sa tore. Dahil sa limited ang mga taong makakapasok sa maliit na lagusan, hindi ako nakasama. Sabi ng mga nakapasok na team ko, ang lugar ay napakalamig at madulas dahil sa mga namumuong lumot ng sahig nito.

Si Jaime, ang isa sa mga clairvoyants ko, ang nakakita ng isang anino ng babae na nasa dulo ng isang bintana. Pilit niyang nilalapitan, pero agad na nawawala. Naghanap pa siya ng paraan para makipag-usap, pero walang kahit na anong salita o visions ang pinakawalan ng babae.

Sumunod na pinuntahan nila ang kumbento. Nakita nila ang mga kalmot sa labas ng pintuan nito at mga bintana. Hindi pwedeng paniki ang gumawa ng mga ito dahil masyadong mababa ang ceiling ng kumbento.

Nang kunan ng footage ang tore, may nakitang isang babae na tumalon na nakakulay puting damit at mahaba ang buhok. Ilang oras pa, may pangalawang babae, magkakamukha sila nung unang tumalon. Ngunit ang ikatlong pagtalon, iba na ang mukha ng babae.

Ang ikatlong babae ay nakaitim na damit, umuusok ang di-naanan ng kanyang pagtalon. Nang makarating siya sa lupa, bigla itong tumakbo sa madilim na bahagi ng simbahan.

Nakita lahat ito sa camera. Kinabukasan, inulit naming i-play ang footage. Napansin namin na may lumilipad na langaw. Ang sabi ng producer, nasa super slow ang camera setting para may langaw na umandar ng ganun kabilis.

Ipinatutok namin ang isang camera sa tore. Halos lahat ng paraan ay ginawa namin para lang manatiling gising. Hanggang umabot ang 4 a.m., kinuha namin ang kamera at pinanood nila ang mga tapes.

Nakatulog kami sa haba ng mga tapes hanggang may sumigaw na crew. Nakita niya sa unang tape ang isang babae na tumalon mula sa tore. Ilang oras pa, parehong babae rin ang nakitang tumalon.

Ang ikatlo, babae na nakaitim na belo ang nasa tore at bumagsak ito at biglang nawala sa madilim na sulok. Biglang natakot ang grupo, hindi na nila pinagpatuloy ang panunood.

Sumunod na gabi, tumatambay kami mismo sa ibaba ng tore. Ang iba ay nasa loob mismo nito. Alam ko na medyo delikado ang gina-gawa namin, pero ang mga parokyano ng simbahan ay gustong marinig na ang kampana nito na tumigil tumunog ng mahigit na 20 years na.

Ng oras na ng unang pagtalon, nakita ni Jaime ang anino ng babae. Agad na kinausap niya ito, pero hindi siya pinansin. Ang itsura nito ay nakaputi at mahaba ang buhok. Maputi siya at umiiyak.

Ayon sa kwento, ang babae ay tumalon sa araw ng kasal niya noong 1970s. Ang dapat na maging asawa nito ay namatay sa isang aksidente ng bus mula sa Maynila nang papunta sa araw ng kasal niya. Hindi ito natanggap ng babae na noon ay nagdadalang-tao. Agad na nawala ito. Inakala na uuwi lang ito sa bahay niya. Nakita na lang nila ang bangkay nito kinahapunan sa ibaba ng tore ng simbahan.

Madaming nag-akala na pareho ang babae sa una at ikalawang talon. Iba ang ikalawang tumalon . . . isa itong pari. Hindi babae. Ang sabi ni Jaime, ang pangalawa ay nalaman niyang pari dahil sa mukha nito—may cleft chin at may bigote. Sa malayo, aakalain na babae.

Nakipag-usap ito sa kanya. Masama ang loob niya sa kanyang magulang dahil pinuwersa siyang maging pari noong 1973, na ang kanyang kapatid ay kinasal sa kanyang dating kasintahan. Sa sama ng loob niya, nagtago siya sa tore. Nagmuni-muni pero dahil sa tindi ng kanyang pagkapoot, mas pinili pa niya na mamatay keysa sa ipagpatuloy ang buhay na hindi naman niya pinili.

Ang ikatlo ay ang sinasabing black lady daw. Masama ang loob niya sa simbahan. Nabuhay siya noon pang bago pa maggiyera. Itinago ng mga tao ang kanyang mga magulang sa loob ng simbahan dahil sila ay mga guerilla. Nang malaman ng mga kalaban, itinuro sila ng parish priest nito kapalit ang kaligtasan niya.

Habang nagdadalamhati sa nangyari sa mga magulang niya, sinamantala ng parish priest ang kayang kahinaan at inabuso daw siya nito at hinulog mula sa tore. Hindi siya namatay kaagad. Nagawa niyang tumakas at nagtago sa malapit na barrio.

Nang makompleto na namin ang data para sa producer, may humarang na lalaki sa amin, humihingi ng tulong. Sinabihan kami ng cameraman na umalis na sa simbahan. Hindi kami makaalis kasi hina-harangan kami ng lalaki.

Pinasama namin ang cameraman at sinundan namin ang lalaki. Tinuro niya ang isang malaking cabinet sa likod ng altar. Ayon sa kanya, may nakatago na importante dito. Binuksan namin ang pinto. Biglang natanggal ang likuran nito. May papel kaming nakita—titulo ng lupa.


Pinakita namin sa kura paroko ang papel. Titulo daw iyon ng isang bahay. Agad na pinuntahan namin ang bahay sa titulo. Naratnan naming may sakit ang may-ari nito. Nang lumabas ang kura, sinabi ng may-ari sa bahay sa amin na matagal na nilang hinahanap ang titulong iyon. Ang kapatid ng maysakit ang isa sa mga naging pari sa simbahan. Noong malaman daw nila na kinukuha ng pangalawang asawa ng nanay nila ang titulo, agad na tinago nila ito.

'Yun nga lang, binaril ang kapatid niya sa harapan ng simbahan at 'di na nila nalaman kung saan itinago ang titulo. Hindi na namin sinabi kung paano namin ito nakuha.

Natuwa ang producer sa mga nakuha naming mga footage at data. Pinauwi na kami at inakalang tapos na ang trabaho namin.

Pagdating sa editing room, lahat ng footage nawala. Sira lahat ng tapes. Pinatawag kami ulit para matingnan kung ano ang problema. Natawa kami at sinabing ayaw lang magpakuha ng mga multo dahil maaring mas gusto nila na low profile sila. Bumalik ang cameraman nila para kumuha ng panibagong footage, pero ganun din ang problema.

Hindi na pinalabas ang kaso ng tatlong pagtalon mula sa tore ng simbahan. Ayon sa network, hindi daw ito newsworthy.



# Ang Kampanerang Lola sa Bahay ni Kuba

Act I

May kaibigan ako, si Jana, na nag-imbita sa akin sa set ng isang sikat na teleserye noon. Kasalukuyan na me taping nun sa Balanga, Batangas. Hindi sinabi na me dapat akong imbestigahan.

Pagdating namin sa isang simbahan doon, agad na binati ako ng director na si Aljohn ('di tunay na pangalan) at ng executive producer na si MeAnne. Ayon sa kanila, matagal na nila ako gustong ipatawag dahil sa mga nararanasan nila sa set. Masyadong nade-delay ang production at malaking pera na ang nawawala sa kanila.

Dinala ako sa OB Van at pinaupo ako sa may malapit sa telebisyon. Ang unang pinakita ay ang shoot nila noong unang linggo ng project. May dalawang artista na nagda-dialouge. Ang isa ay ang sikat na artista na si Janina (not real name) at isang veterano na si Alicia (not real name) sa loob ng tore ng simbahan. Dahil masikip ang paligid, nagpasya si Aljohn na ang cameraman lang at assistant director ang nasa loob at ang iba ay nasa ibaba naman ng simbahan.

Nang mag-take, napansin nila na may isang babae na umeksena sa likod. Biglang tinigil ang take at pinagsabihan ang cameraman na paalisin ang ibang tao sa lugar. Pangalawang take, ang babae ay nasa likod pa rin. Umakyat na si Aljohn at sinabon ang assistant director. Ayon sa kanila, walang namang ibang tao dun kung hindi sila lang.

Ayaw maniwala ni Aljohn kaya nagpasya ito na magpa-stand in (mga artista ay nakatayo lamang para makunan ang tamang scene). Tumayo siya sa direcksyon ng babae. Nagulat siya nang ipa-playback at nakitang nasa harapan niya ang babae. Natakot silang lahat at pinagpaliban ang shooting kinabukasan.

Nakita ko sa TV na may isang babae na nakasuot ng puting baro at saya na umabot sa sahig ng tore. Magulo ang buhok nito at nanlilisik ang mga mata. Kinabukasan, pinabasbasan ang lugar. Sabi nila wala na daw nagpakita mula noon. Natuloy ang taping nila hanggang maipalabas ito sa TV.

Ang sumunod na pinakita niya ay ang tape na kinunan bago magundas. Akala nila ay umalis na ang multo o natunaw sa holy water ng pari. Pero nakita muli ang babae na unti-unting tumalon mula sa bintana ng tore. Isang mahabang sigaw ang narinig sa audio ng van. Agad na tumakbo ang mga artista sa takot. Pinakiusapan ng director ang obispo na basbasan ang lugar. Kinausap din nila ang pastor ng isang Christian group para ipag-pray over ang babae.

Ang huling pinakita sa akin ay nangyari isang linggo pa lang nakakaraan. Nagda-dialouge ang mga artista nang biglang uminit ang lugar. Lahat sila ay pinagpapawisan nang husto. Kahit na anong retouch ng makeup, agad na nalulusaw sa init. Sinabi ng director na malamig ang klima sa labas dahil sa madaling araw na.

Dahil sa gusto na ng mga artista na matapos na ang take, agad silang ni-retouch at nag-umpisa nang umarte. Nakita ng director na ang babae na multo ay nanlilisik ang mga mata. Unti-unti itong lumapit sa babaeng artista na si Janina. Sa sobrang init, hinimatay at agad na sinugod sa ospital. Ayon sa doctor, hinimatay ito sa heat stroke na pinagtakahan din dahil madaling araw ito nangyari. Sinuggest ng doctor na 'wag

itapat ang ilaw sa mga artista.

Nagpasya ang buong production na ihuli ang mga scenes na gagawin sa tore. Dahil ayaw ng mga talents niya na umakyat na dito, malaking problema ang naipatong sa kanila.

Kaya pinatawag nila ako dahil kelangan na nilang tapusin ang project, pero dahil sa nakikita ang multo sa camera, malaking balakid sa kanila ito. Pina-stand in ko ang ilang tao para makita sa camera ang multo sa oras na nagpapakita ito.

Tamang tama naman at nagpakita ito ng alas dos ng madaling araw. Pinanood ko siya sa harap camera monitor habang kausap ko ang mga stand in na naiinitan na sa lugar nila. Umakyat ako sa tore at pagdating sa itaas ay siya namang pagkahulog ng multo sa bintana.

Pinuna ko ang init ng paligid kahit na hindi nakasindi ang ilaw. Sinubukan kong ulitin ito kinabukasan. Isa ako sa stand in ng grupo. Naramdaman ko siya at sinabi kong 'wag siyang tumalon. May sinasabi siya, pero walang tunog. Tinuro niya ang bahay sa labas ng simbahan. Agad kaming pumunta doon pagsikat ng araw. Kinatok ko ang lumang bahay na ang bintana ay yari pa sa capiz.

May matanda doon na nakatira. Pinatuloy kami at nagkwento na isa siyang tagahanga ng teleserye. Habang nagkukwentuhan sila nina Aljohn at MeAnne, kami ni Janina ay nag-ikot sa buong bahay para makita ang tinuturo ng multo.

Sa isang maliit na altar, nakita namin ang lumang litrato ng isang babae na kamukha ng multo namin, pero nakasuot ito ng ibang damit. Tinanong namin sa matanda ang kwento ng babae sa litrato.

Kapatid siya ng matanda. Ayon sa kaniya, ang pangalan ng kapatid niya ay Lilian. Maganda at matalino siya, isa sa mga babaeng laging kinukuha na Reyna Elena kapag Santacruzan. Ang pangarap niya

ay maging guro sa kalapit na eskuwelahan.

Kaya lang may trahedya na nangyari. Naging magkasintahan sila ni Elmer, taga-Iloilo at isang dayo sa lugar nila. Lagi silang nagkikita. Minsan ay nalaman ng tatay nila ang pagtatagpo nilang palihim at ikinulong siya sa bahay. Pero hindi ito napigilan. Nakipagkita pa rin siya sa lalaki. Tumagal ito ng apat na buwan.

Hanggang nalaman niya na nagdadalang-tao siya. Nang sasabihin na niya ito kay Elmer, nalaman niyang isa pala itong pari. Tinakwil na si Lilian ng pamilya. "Pinilit ko na iligtas siya, pero hinahabol pa rin siya ng ama namin. Tapos binugbog at iniwan sa labas ng bahay. Tumambay siya sa harapan ng simbahan.

"'Yung araw na iyon, umalis siya ng madaling araw para hindi kumalat pa ang balita sa bayan. Nang makita niya na pasakay na si Elmer papunta na ng istasyon, hinabol niya ito, nagmamakaawa na isama na siya. Hinila siya sa buhok ng tatay ko at dinala sa altar. Pilit na pinaparusahan para aminin ang kasalanan niya sa Diyos.

"Kinabukasan, nalaman namin na nahulog siya sa tore ng simbahan. Sabi ng ama ko, hindi naman daw niya ito dinala sa tore at lalong hindi niya ito itinulak. Hanggang ngayon ay hindi pa rin pinapaniwalaan ng matatanda ang kwento ng ama ko," ang mahabang salaysay ng matanda sa amin.

Alas dos ng madaling araw, dinala namin sa tore ang matanda. Nang maramdaman niya ang multo, kinausap niya ito. Nalaman namin na tinulak siya ng kanilang ama dahil ayaw niyang ipahiya siya nito sa bayan.

Sobra ang galit ng multo. Lahat kami ay parang nasa loob ng sauna sa init. Halos himatayin ang matanda sa sobrang init. Humingi siya ng tawad dahil sa wala siyang magawa noon sa lupit ng ama kay

Lilian. Pero habang panahon niyang dadalhin ito. Pinakusapan niya ang kapatid na 'wag na mandamay ng ibang tao sa galit niya sa ama.

Unti-unting lumalamig na ang paligid. Nakita namin sa sahig ang isang panyo. Ayon sa matanda, ito ay binigay ni Elmer kay Lilian bago ito umalis ng kanilang bayan.

Mula noon, maayos na ang taping nila Aljohn at ngayon ay isa sa mga sikat na teleserye ang kanila proyekto. Wala na rin akong nalaman na may babae pang nakita sa camera, pero isang magandang pasasamalat ang iniwan ng multo.

Isang grupo ng kalapati ang bumati sa kanila sa huling araw ng shooting nila. Palabas ang mga ito ng kampanaryo. Agad nilang kinunan ito at isa ito sa mga scenes na mahalaga sa kanila.

Act II

Nasa isang birthday party kami ng kaibigan naming si Sarah nang biglang tumunog ang cell phone ni Jeff. Pinatawag kami ng isang producer ng isang malaking film outfit dahil mayroon daw multong nagparamdam sa kanila habang kinukunan ang scene ng kasalan.

Kagabi pa raw sila sa simbahan at nag-aayos ng para sa shooting nila sa isang probinsya. Bandang hatinggabi, bigla silang nakarinig ng madaming nagsasalita sa loob at biglang isa-isa ang ilaw nilang napundi. Pinalitan nila ang mga ito, pero namatay ulit.

Sabi nila na agad nila akong susunduin. Pagdating ko, halos madaling araw na. Binati ako ng producer at agad akong nahilo sa dami ng naramdaman ko na multo. Sinabi ko sa producer na sa labas na lang kami mag-usap para marinig ko siya.

Agad na nilapitan ako ni Rose (hindi tunay na pangalan), ang ba-

baeng artista ng pelikula. Sabi niya na napanood na niya ako sa telebisyon at nagkakilala pa kami sa taping ng isang sitcom. Sabi niya, noong unang araw ng taping nila sa lugar, bilang respeto, nagdasal siya sa loob ng simbahan nang may kamay na humawak sa balikat niya. Kitang-kita niya ang kamay at nang hawakan niya rin ito at nilingon kung kaninong kamay iyon, nagulat siya dahil sa wala itong katawang kasama! Dahil sa ayaw niyang ipagkalat ang insidente, patago niya itong sinabi sa producer.

Sa likod ng altar habang kausap niya ang kanyang yaya, may tumawag sa pangalan niya. Pinasundan niya ito sa production assistant, pero wala namang tumatawag sa kanya. Kinuwento rin niya na habang natutulog siya, napanaginipan niya na may kasama siyang naglalakad sa altar at bigla siyang hinila at dinala sa kumbento. Tinali daw siya at biglang may apoy na sumulpot sa gilid niya.

Ganun din ang kwento ng isang production staff. Sa panaginip niya ay may isang kamay na humila sa kanya sa loob ng simbahan at agad na naramdaman niya ang init ng paligid. Bigla siyang nagising na hapong-hapo.

Nang dumating ang kura paroko ng simbahan, dinala kami sa kumbento. Ang sabi niya, walang gustong pumunta doon dahil sa mga pagpaparamdam na nangyayari dito. Maging sa kaniya ay nagpaparamdam ang multo sa kumbento. Dumadaan ito sa gilid niya. In-inspection namin ang buong kumbento. Sa may bagong gawang CR ay may multo ng babae na nakabaluktot, parang may tinataguan. Tinanong ni Jhay (isa naming kasama) kung ano siya at bakit siya nandoon. Nagpakita lang ng mga image ang multo. Itinatago siya ng mga duma-ting na sundalong Pilipino. Isa kasi siya sa mga inabuso ng mga Hapon noong panahon ng gyera. Tumakbo siya sa simbahan, agad naman siyang kinupkop.

Sinang-ayunan naman ito ng kura. Minsan ay naliligo siya nang

may babae siyang nakita sa loob. Nagulat siya at agad na nagtakip ng tuwalya. Agad siyang tumakbo sa labas at sinabi sa katulong. Agad naman itong pinuntahan, pero wala naman daw babae doon.

May isang bata rin na lagi na lang nag-aalis ng kutsara at tinidor kapag kakain na ang mga kaparian sa simbahan. Akala nila, pusa ang lagi na lang umaakyat sa mesa. Noong minsan, may kausap pa ang kura na tao habang nakahain na. Nakita niyang gumagalaw ang mga kubyertos. Hindi niya pinahalata na natatakot siya sa nakikita, bagkus nagpasya siya na kumain na lang sa labas.

Nagpahain kami sa mesa. Umupo kami na para bang kakain na. Biglang gumalaw ang kubyertos na nasa dulong upuan. Gumalaw ito pakaliwa at nahulog sa sahig. Inisip naming baka vibration ng sahig na narra. Tumalon at pumadyak kami, pero hindi man lang gumalaw ang mesa. Ganun din sa pagpalo namin sa makapal na mahogany na mesa.

Pinatay namin lahat ng ilaw. Nakita namin ang image ng isang bata na nakaupo sa mesa. Nang i-describe namin siya sa katulong ng pari, sinabi niya ang bata ay dating "ampon" ng kumbento. Siya 'yung laging natutulog sa loob ng simbahan. Nang makita siya ng dating parish priest, nasa apat na taong gulang pa lang siya at pilit na hinahanap ang magulang niya. Pero walang resulta ang paghahanap niya kahit sa TV at radio kung saan siya ay nanawagan. Pinasya ng parish na ampunin na lang siya.

Pero noong pitong taong gulang na siya, biglang may dumating at nagpakilalang mga magulang niya at kinuha siya. Bigla siyang nakawala sa pagkakahawak ng mga ito noong patawid sila sa highway. Nasagasaan siya ng truck. Namatay siya sa aksidente.

Naramdaman namin ang lamig ng lugar. Nang kausapin siya ni Jhay, nalaman namin na gusto lamang ng bata na maging kasama pa rin siya sa parokya. Kaya araw-araw, para pa rin siyang kasama sa mesa kapag kakain na sila sa kumbento. Pati sa misa ay kasama siya sa pana-

langin.

Tinanong namin ang pari tungkol sa napapanaginipan ng mga nagsu-shooting sa lugar. Pinakita niya ang isang lugar sa loob ng lumang kumbento. Noong panahon ng Hapon, nalaman nila na dito nagtatago ang mga tao sa bayan. Ayon sa kwento, may isang spy na nagtago sa bayan at nang malaman ng mga Hapon ito, pinuntahan isa-isa ang mga bahay at sinunog ang mga ito. Ang iba ay nakatakbo sa parokya. Itinago sila sa kumbento ng mga madre. Dahil sa ayaw silang ilabas, pinako ang mga pintuan at sinunog ang lugar. Ang mga nahuli, itinali at sinunog din sa loob ng simbahan. Halos walang nakaligtas. Isa sa kanila ay ang nakita ni Jhay sa loob ng CR.

May isang producer na kumuha ng litrato habang naglilibot kami. Noong ma-develop, nakita niya na madaming mga iba't ibang mga puting linya nakaharang sa aming lahat. Ang iba ay mga anino lang ng mukha.

Nagpaiwan kami ng gabi sa lugar. Madami kaming nakitang mga lumalakad sa harap pa lang nito. Sabi ng mga nakatira sa paligid ng kumbento, minsan may nakikita silang anino sa tore nito. Agad naming tinungo ang tore.

Kumuha ng video cam ang isang cameraman at kinunan ang nilalakaran namin sa tore. Pag-akyat namin, may sigaw na narinig na halos mabingi kami sa lakas. Iniwan namin ang video camera doon ng ilang oras na walang gumagalaw. Hinarangan din namin ang mga bintana at iba pang posibleng lusutan ng ibon at iba pang hayop para masiguradong walang makakagalaw sa camera.

Malamig ang lugar at halos dalawang tao lang ang kasya. Sabi ko, may babae na tumalon mula dito, pero hindi panahon ng Hapon nangyari. Recently lang 'yun.

Agad kaming bumaba. Habang inaayos ang camera para mapanood ng lahat pati mga artista, nakipagkuwentuhan ang kura paroko sa

amin. Dati hindi siya naniniwala, pero nang makita niya ang gumagalaw na kutsara, medyo naniwala siya. Mas nakumbinsi siya nang makita niya ang babae sa banyo.

Bago siya naging kura, may babae na pumasok sa simbahan at halos maghapon nanalangin. Nang may narinig silang sigaw, hinanap nila ang babae. Nakita na lang nila ito sa baba ng bell tower. Siya pala 'yung tumalon. Ang sabi nila, nabaliw ang babae dahil sa pang-aabuso ng asawa. Limang buwang buntis ito.

Pinanood namin ang tape. Lahat ay nagkumpulan sa harap ng TV. Matagal ang footage. Nang biglang may dumaan na babaeng nakapalda. Tumingin ang producer, wala sa amin ang nakapalda. Maya-maya, may ulong tumapat sa camera. Blangko ang mukha. Ang lahat ay napasigaw, ang iba ay nagtakip ng mata.

Unti-unting nagpatuloy ang tape. May nakita rin na anino na lumitaw sa isang bintana. Sa last part ng tape ay may isang maliwanag na ilaw na lumitaw dito hanggang nawala.

Nawala rin ang mga nanonood ng tape, lahat natakot.

Kinabukasan, nagpagpasiyahan ng producer na tapusin ang scenes sa simbahan. Bago daw sila umalis, nagpamisa sila para sa ikatatahimik ng mga multong nakita nila.

Ipinalabas ang nasa tape sa Halloween special ng isang programa sa istasyon nila. Hanggang ngayon ay kinatatakutan pa rin ng mga artista ang lugar.

Sa amin? Hindi, ah. Normal na sa amin. Unang kaso ito ni Jhay na unang beses din niyang makakita ng isang multo. Mula noon, tinatawanan na lang din niya ang mga ganitong kaso.

# Ang Simbahan ng San Carlos

May writing competition kami sa isang unibersidad noong nasa college ako. Isa ako sa mga kalahok dito. Halos na-occupy namin ang isang buong classroom. Dahil sa malapit na ang petsa, napilitan kaming mag-training overnight.

Mga alas siyete ng gabi, binigyan kami ng break ng professor. Nagpasya kaming magkakaklase na dumaan sa simbahan para humingi ng tulong sa Diyos.

Pumunta kami sa simbahan ng isang unibersidad sa Manila. Luma na ito. Dahil sa laki ng simbahan ay tinawag na itong basilica at may animo'y parteng labi ng santo. Pumasok kami sa napakagandang kapilya. Sa itaas nito ay may mga magagandang ilaw na puno ng iba't ibang mga crystal. Ang ceiling nito ay may mga ipininta na mga pigura na ikinukwento ang buhay ng santo. Maraming mga lugar dito sa loob na antigo ang gamit, pati na ang mga pews nito ay yari sa narra at ni-restore ng National Museum.

Taimtim kaming nagdasal sa loob. Wala masyadong tao dito kaya kahit na pagbagsak ng karayom ay maririnig sa buong simbahan. Minsan nakikita namin ang tagapamahala na inaayos ang altar. Nang may bumagsak na luhuran ay bigla itong lumingon at nakita ko na siya ay walang mukha!

Kinalabit ko ang kaklase ko na si Risa. Sinabi ko ang tungkol sa tao, pero sinabi niya na walang tao doon sa harap. Kahit na anong pilit



ko na andun nakatayo sa harap 'yung mama, hindi pa rin siya naniniwala. Sa inis nila, umalis sila at iniwan ako. Dali-dali ko naman silang hinabol dahil sa gutom ko.

Bumalik kami sa training, pero hindi ako mapakali sa nakita ko. Alam kong mayroon akong dapat malaman pa. Dahan-dahan akong umalis at pumunta sa simbahan. Pagpasok ko, mga 10:00 ng gabi, may nakita ako dalawang tao na nakaupo sa harapan. Alam ko na may mga tao pang nagdadasal para sa kaligtasan ng kanilang kamag-anak sa kalapit na ospital.

Sa gitna ng parokya, mayroong makikitang sunken garden. Medyo maliwanag ang sinag ng buwan noon at may naaninag akong mga anino ng tao sa gilid nito. Sabi ko baka mga estudyante na nag-aaral o naglalambingan.

Pagpikit ko ng mata para sa taimtim na dasal, may narinig akong nagsalita. Isang buong, "Hoy!" sa kanang tenga ko. Hindi ko alam kung titingin ako o hindi kasi may idea na ako kung ano ang makikita ko.

Unti-unti kong binuksan ang mga mata ko. Isang tao ang nakita ko—walang katawan, ulo lang. Isang ulo na lumulutang sa hangin, kulot-kulot ang buhok niya, nakasalamin at mahaba ang mukha. Tinanong ko kung sino siya. Ang sabi niya matagal na siyang nakatira sa simbahan. Noong may mga Hapon pa. Hinahanap niya ang katawan niya, pero walang nakakaalam kung nasaan ito.

Hindi ko pinapakita ang takot ko. Tumayo ako kahit na madami pang sinasabi ang matanda. Pumunta ako sa may comfort room, nakasalubong ko ang dalawang madre. Binati ko pa sila at ngumiti naman sa akin. Pagtalikod ko, nilingon ko . . . lumulutang ang paa nila sa sahig. Agad akong umalis sa lugar, pero hindi ako nakakalayo. Naramdaman ko na sinusundan ako.

Isang kamay ang pumigil sa pagkaripas ko ng takbo. Paglingon ko, nakita ko ang mga madre. Tinanong nila kung buhay ako o patay. Pabirong sinabi ko, "Malapit nang mamatay sa takot dahil sa inyo." Ngumiti sila. Sabi nila, kelangan nila ang tulong ko. Madami silang mga madre na nasa simbahan pa, ang iba ay napapagod na ng kakadasal sa loob para makapagpahinga na.

Gusto lang nila na hanapin ang kanilang Madre Superior para ma-relieve na sila sa duty nila sa mga sundalo. Pero matagal nang natapos ang gyera. Hindi pa kasi sila pinapagpahinga ng Mother Superior. Inalam ko ang order nila; sila ay RVM sisters.

Nang pinakawalan nila ako, tumakbo ako sa training na pinagpawisan. Tinanong ng mga kasama ko kung saan ako galing. Wala akong nasabi.

Kinabukasan ng 6:00 p.m., bumalik ako sa simbahan. Tumabi ako sa isang batang babae na mga walong taong gulang. May hawak siyang maliit na laruang manika. Nakasuot siya ng gown na may nakatatak na galing siya sa kalapit na ospital ng unibersidad. Tinanong ko kung bakit andun siya at baka hinahanap na siya ng magulang niya sa loob ng ospital. Kaya daw siya nandun kasi ayaw siyang kausapin ng magulang niya.

Sinamahan ko siya para makabalik sa mga naghahanap sa kanya. Ang pangalan niya ay Ana. Pagdating naming sa loob ng simbahan, tinanong ko kung saan siya galing para malaman ko kung saan matatagpuan mga magulang niya.

Nagpunta kami sa operating room. Wala daw doon ang mga magulang niya. Sumunod naming pinuntahan ang nurse's station, pero walang Ana sa listahan nila. Nag-suggest sila na magpunta kami sa information.

Bumaba kami at nagtanong. Iisa lang ang Ana na nasa talaan …

Anna Marie Dela Vega. Eight years old. Namatay siya sa operating room habang inooperahan sa puso. May chronic congenital heart disease siya. Tinanung kung sino ako, sabi ko tiyahin niya galing probinsya. Nasa morge na ang bata, sa isang bahagi pa ng Maynila.

Bigla akong nalungkot. Tinatanong ni Ana kung ano'ng sabi ng nurse. Sabi ko mamaya ko na ipapaliwanag.

Dumating kami sa morgue. Hinanap ko pangalan niya at nakita ko. Dahan-dahan akong pumasok at dinala ko siya sa harap. Pinaliwanag ko ang nangyari sa kanya at sinabi kong 'wag siyang malungkot.

Nakita niya ang mommy niya na umiiyak sa labi niya. Hinawakan ko ang kamay niya. "Kausapin ninyo lang po siya at makinig," ang sabi ko sa ina ni Ana.

Iniwan ko sila na mabigat ang puso. Agad tumungo ako sa simbahan at umiyak.

Ilang araw na lang at competition na namin. Sabi ng mga kasamahan ko, magmimisa ang pari at sinabing mauna na ako para masabi sa opisina ang intention.

Sa oras na 'yun ay madaming tao sa loob ng simbahan. Naisip ko na baka naman may novena o may kinakasal ng ganung oras. Sumiksik ako sa loob at pilit kong tinitingnan ang pari na nasa gitna. Biglang may dumaan na magkasintahan at lumusot sila sa mga tao. Dun ko narealize na lahat sila ay multo.

Napaupo ako sa sahig. Hindi ko akalain na ang daming tao sa loob na humihingi ng tulong. Madaming boses, madaming energy. Pinikit ko mata ko para mawala silang lahat. Hinawakan ako sa kamay ng madre, sila ang nakita kong una sa may CR.

Tinanong nila kung natatakot ako. Sabi ko medyo, pero mas lalo

ako nahihiya na walang kausap. Sabi nila ang lahat ay nagpupunta sa loob ng simbahan para humingi ng sagot sa tanong na bakit sila kinuha kaagad o minsan, inaalala nila ang naiwan na kapamilya.

In-inform ko sila na huling araw ko na 'yun sa unibersidad. Basta 'wag ko lang daw silang kalimutan. Pinaliwanag ko na maaaring patay na rin ang madre na hinahanap nila. Nakita ko ang lungkot nila.


Matapos ang competition namin (na hindi kami pinalad), bumalik ako sa eskuwelahan ko noong high school dahil ang mga madre doon ay RVM sisters din. Tinanong ko ang history ng mga madre na naglingkod noong panahon ng gyera.

At kinuwento ko ang tungkol sa mga madre na nakita ko. Agad na tinawagan ang Mother Superior at magpapamisa sila sa mga namatay na kasamahan nila noong panahon at magbibigay sila ng maliit na tribute sa mga ito.

Dumalo ako sa misa nila. Nakita ko rin ang iba't ibang mga litrato na kinuha noong araw. Nagkaron ng magandang ngiti sa mga namayapang mga madre. Nagpasalamat sila sa pamamagitan ng mga paru-paro na lumipad mula sa sunken garden.

Dahil dito sa experience ko na ito, unti-unting nawala ang takot ko sa mga kasamahan natin sa kabilang buhay. Nakakagulat lang minsan dahil sa bigla nilang pagsulpot, pero lahat sila may magagandang kwento na naghihintay.





# Ang Simbahan ng Maligno

Minsan may nagkwento sa amin na may isang simbahan sa isang bundok sa Quezon ang puntahan ng lahat ng maligno at engkanto. Sabi nila, ito ay simbahan ng mga tao, pero pagdating ng gabi ang lugar na ito ay nagiging sambahan ng mga maligno sa bundok.

May kwento rin ang isang mountaineer na si Jason, isa naming team member. Nung minsan lumakas ang ulan sa bundok, hindi sila makatayo ng tent kaya napilitan silang maghanap ng sisilungan. Naaninag nila ang isang maliit na gusali. Pinasok nila ito at napansin nilang ito pala ay isang simbahan. Napakaganda ng itsura nito—ang altar ay yari sa narra na may takip na puting telang kumikinang, walang santo o kahit na ano mang rebulto para malaman kung sa anong relihiyon ang simbahan. Ang mga upuan ay benches lang, walang sandalan, pero ito ay yari sa mataas na uri ng kahoy na ubod ng kintab, parang kakagawa pa lang. Maliit lang ito, walo lang ang upuan at halos hindi nagagamit.

May stained glass sa gitna ng dingding kung nasaan ang altar. Nakaukit sa gitna nito ay ang imahe ng isang anghel na lumulutang. Kapag tiningnan mong mabuti, kakaiba ang anghel—nanlilisik ang mga mata nito.

Sa gilid ng simbahan, ang mga dingding ay may nakaukit na mga imahen na hindi familiar sa kanya. Isang chandelier ang ilaw nito na nakapagtataka kasi wala namang koryente sa lugar na iyon dahil nga sa nasa bundok ito.

Sa ibabaw ng altar ay may isang matabang kandila na kulay puti. May isang cup ng pari at isang papel na blangko na halos kulay dilaw na.

Napagpasyahan nilang magpalipas ng gabi sa loob. Naupo sila sa dulo, malapit sa pinto, at nakatulog.

Mga bandang 6 p.m., nagising si Jason dahil sa boses na parang nag-uusap sa labas ng simbahan. Kahit malakas ang ulan, naririnig niya ang mga boses. Inisip niya na baka may misa kaya ginising niya ang mga kasama. Hinintay niya ang pari para makausap ito na magpapalipas sila ng gabi sa loob dahil sa hindi nila kayang mag-trek ng malakas ang ulan.

Lumamig sa loob ng simbahan. Nakikita pa nilang umuusok ang kanilang bibig sa lamig. Nagpatong ng jacket ang buong grupo. Biglang bumukas ang lumang pinto.

Nakita ni Jason ang mga taong unti-unting pumapasok, umupo sa mga silya at nagkukuwentuhan sila. Hindi naman maintindihan nina Jason ang salitang gamit ng mga tao. Since nakatalikod ang mga tao sa kanila, hindi nila maaninag ang mga tao at hindi rin sila makita ng mga ito. Naisip nilang baka may mga bahay na malapit sa simbahan at doon nakatira ang mga taong nasa simbahan. Pero sobrang dulas ng path at malakas pa rin ang ulan, medyo mahirap ang magsimba nang ganun ang panahon.

Tumunog ang isang maliit na bell at nagtayuan sila. Nagsimula na ang misa. Nagtaka sila dahil hindi normal ang misa nila. Wala sila kahit isang salitang naiintindihan.

Ilang minuto ang nakakaraan, napansin ni Jason ang kamay ng isang parokyano. Kulay berde at ang itsura ay parang twig ng isang puno. Kinalabit niya ang mga kasama at itinuro ito. Natakot sila at nag-

plano kung paano sila aalis nang hindi nararamdaman ng mga nasa simbahan.

Nataranta ang isang kasama nila. Bigla itong nagpumiglas. Narinig ng lahat ang commotion at biglang tumigil sa pagsasalita ang "pari" na nasa gitna nito (na nakatalikod naman sa grupo ni Jason). Ayaw nilang makita sila kapag lumingon ang mga ito. Dahan-dahan nilang kinuha ang kanilang mga gamit. Nang lumingon sila kung nakatingin sa kanila ang mga tao, nagulat sila sa nakita.

Mga maligno. Lahat sila. Ang iba ay may pangil, ang iba ay kulay berde, ang isa ay ubod ng ganda ang itsura pero nakalutang ang mga paa. May kapre, dwende, tikbalang . . .

Ang "pari" sa gitna ay isang babae. Isa siyang tao. Bata pa siya, mga nasa edad na 16, mahaba ang buhok niya at may hawak siyang cane na yari sa kahoy. Ang mata niya ay kulay asul, nakadamit siya ng parang madre.

Sinabi niyang umalis na sila bago dumating ang mga aswang na nakatira sa tuktok ng bundok. Agad na kumaripas ng takbo ang groupo. Kahit na madulas ang daanan, pinilit nilang umalis sa lugar.

Dahil sa madilim at maulan, hindi nila alam kung nakalayo sila. Sinilip ng isa ang paligid, nakita niya na may mga ilaw na pahilerang naglalakad. Inisip nilang baka mga taong bayan na naghahanap sa kanila. Nilapitan nila ang mga kandila. Nakita nilang mga dwende at engkanto ang naglalakad patungo sa direksyon ng simbahan.

Hindi nila malaman ang gagawin. Nagpasya na lamang silang magtabon ng mga sanga at tinabas na mga dahon para lumipas lang ang gabi. Bandang hating-gabi, may narinig silang iyak ng babae. Pilit nilang hindi pansinin ito, pero lumapit ang babae na kumakaripas ng takbo. Nang malapit na, hinila nila at tinago ito.

Hindi sila nag-usap o gumawa ng kahit na anong ingay. Hinintay nila ang pagsikat ng araw. Nang mag-umaga na, pinakiramdaman muna nila ang paligid. Gamit ang isang GPS system, nakarating sila sa ibaba. Dun pa lang nila kinausap ang babae.

Madumi ang puting damit nito at may mga sugat siya sa kamay at paa. Ang buhok niya na abot hanggang balikat ay halos nakatayo na sa gulo. Tinanong siya kung ano ang ginagawa niya sa gubat. Sabi niya, "Pinakulam ng nanay ko ang tatay ko na nasa ibang lugar para makaganti siya sa pang-iiwan sa amin. Bilang bayad sa mambabarang, napagpasyahan ng Nanay na ako ang ibigay na bayad dahil sa wala naman kaming perang pambayad."

Noong tinuturuan siyang maging apprentice, bigla siyang nagulat na puro maligno ang nasa paligid. Pinilit niya makawala sa kanila.

Nang makatakbo siya, hinabol siya ng mga ito at pilit na pinababalik ng barang. Buti na lang naitago siya ng grupo ni Jason. Tinanong nila kung ang nasa gitnang babae sa simbahan ay ang barang. "Oo," ang mabilis na sagot ng babae.

Isinama nila ang babae sa bayan. Agad na pinaalam sa pulis ang nangyari, pero sila mismo walang magawa. Napagpasyahan nila na iuwi ang babae sa Manila na agad namang kinupkop ng DSWD.

Ilan taon ang nakalipas, nagkita kami ni Jason sa isang mall. Humingi siya ng appointment sa akin at kinuwento ang naging karanasan nila. Nag-decide kami na umakyat sa bundok.

Dahil sa marami nang naninirahan sa ibaba ng bundok, inisip naming baka nawala na ang simbahan. Nakarating kami sa lugar, nakita pa rin namin ang simbahan. May lumapit na tao sa amin na nakasuot ng lumang T-shirt at shorts, isang naninirahan sa bundok. Ayon sa kanya, 'wag naming pasukin ang simbahan dahil sa mga maligno. Ilang beses

na nilang pilit na sinusunog ito pero lagi na lang itong nabubuo kaagad. Minsan, ang mga nagsunog nito ay namamatay bigla.

"Tulad noong isang Mahal na Araw," ang patuloy na kuwento ng lalaki. "Akala ng mga religious fanatics na isang simbahang Katoliko ang structure kaya pinasok nila ito at sinira ang mga gamit. Pati na ang mga dingding ay tinapunan ng mga pintura. Umalis sila na nakangiti at kumakanta pa. Biglang may lumapit sa kanila at isa-isang pinatay ng hindi malaman na maligno. Kinuha ang mga mata at puso nila.

"Sa galit ng mga kasamahan nila, sinunog ang simbahan. Nakita nila ito na abo na. Kinabukasan, andun na naman at nakatayo ito tulad pa rin ng dati ang itsura. Ilang araw nila ito sinusunog, pero naitatayo pa rin ito ng tulad ng dati.

"Ang mga nagsunog ng simbahan ay iba-iba ang nangyari. May namatay sa kakaibang mga paltos sa katawan. Ang isa ay nasaludsod sa kamay at namatay kaagad. Dalawa sa kanila ay namatay sa kagat ng ligaw na asong itim. Ang iba ay sa bangungot. Ang sabi-sabi, kapag may gustong kulamin ang grupo ay iniiwan nila ang pangalan nito sa harapan ng simbahan at isang buhay na manok o baboy ang itinatali nila sa may puno sa gilid. Malalaman nila na gawa na ang kulam kapag nakita nilang kinuha na ng barang ang puso at mga lamang loob ng alay nila," ang mahabang salaysay ng lalaki.

Madaming mga kwento pa ang sinabi sa amin ng lalaki, ang iba nakakapangilabot.

Hanggang ngayon ay nakatayo pa rin ang simbahan, pero ang sabi ng mga pulis ito daw ay kuta ng mga NPA. Sa nakita namin noong umakyat kamo, kahit isang tao ay walang tapang na pumasok dito.





# Hustisya

May isang grupo ng mga kababaihan ang lumapit sa amin dahil sa problema nila sa kanilang kapilya sa gitna ng isang kilalang subdibisyon sa may Bacoor, Cavite.

Ayon sa kanila, merong isang multong nagpaparamdam sa kanila at ito ay unti-unting nagtataboy sa mga tao na dumalo sa misa tuwing Linggo. Dumadayo pa ang mga tao sa bayan ng Bacoor para magsimba dahil sa takot.

Itinayo ang munting kapilya na ito sa gitna ng subdivision para lang sa mga naninirahan dito. Mangilan-ngilan pa lamang ang mga bahay na nakatayo at nag-aalala ang mga residente na baka wala nang bumili ng lote sa subdivision dahil sa multo sa kapilya.

Ayon kay Ginang Jimenez, ang church caretaker, nangyari ang isang insidente ng haunting nang naghahanda sila para sa kanilang fiesta. May narinig silang boses ng lalaki mula sa likod na nagsabing, “Paumanhin po.” Lumingon sila ngunit walang nakitang tao. Inakala nilang isang hangin lang ang kanilang narinig o kung ‘di man ay baka ‘yung isang nagtatrabaho sa opisina ng subdivision.

Ang sumunod na insidente ay nangyari isang Mahal na Araw. Pinalinis ng pari ang kapilya para doon idaos ang taunang pabasa. Nilinis ng mga grupo ng kababaihan ang lalagyan ng Bibliya. Napansin nilang wala sa tamang pahina ang Bibliya. Dapat ay nasa Juan 3:16 eto dahil ‘yun ang scripture nila ng araw na iyon. Naisip nila baka hinangin la-

mang ang mga pahina nito o baka naman ginamit ng pari earlier. Binalik nila sa ayos ang Bibliya. Makalipas ang ilang minuto, bumalik na naman ito sa maling talata. Nagdesisyon si Ginang Jimenez na lagyan ito ng rubber band para hindi na malipat ang pahina. Wala namang hangin sa oras na iyon dahil ang kapilya ay may air-con.

Hindi pa man siya nakakalayo, nalipat muli ang pahina ng Bibliya. Nagpasya siya na lagyan na lang ito ng paperweight na salamin.

Kinabukasan, nakita niyang bumalik na naman ang bukas na pahina sa maling talata. Pinalitan na lamang ni ni Ginang Jimenez ang Bibliya at baka ito ang may sira. Nilagay niya ang salamin at rubber band. Kinahapunan, nalipat na naman ang pages nito.

Naisip nilang baka isa itong pahiwatig at may dapat silang mabasa sa pahina kung saan laging nakabukas ang Bibliya. Sa Juan, 5:28-31, eto ang mababasa:

*Huwag ninyo itong ikamangha. Darating ang oras na ang lahat ng nasa mga libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig. Sila ay lalabas, ang mga gumawa ng mabuti ay bubuhaying muli patungo sa buhay. Ang mga gumawa ng masama ay bubuhaying muli patungo sa kahatulan. Wala akong magagawang anuman sa pamamagitan ng aking sarili. Ako ay humahatol ayon sa naririnig ko. Ang aking hatol ay matuwid. Ito ay dahil hindi ko hinahangad ang aking kalooban kundi ang kalooban ng Ama na nagsugo sa akin. Kung ako ay magpapatotoo tungkol sa aking sarili, ang aking patotoo ay hindi totoo.*

Naisip nila na ang naglilipat ng Bibliya ay humihingi ng hustisya. Nagpasya ang pari na basbasan ang kapilya para sa kaluluwang naliligaw. Umobra naman ito at nagkarun ng katahimikan sa panandaliang panahon.

Bago mag-undas, may isang grupo ng estudyante ang nagtipon

sa kapilya para sa isang proyekto nila sa kolehiyo. Nag-aagaw na ang dilim at liwanag nang may narinig silang malakas na sigaw mula sa likuran ng kapilya. Dali-dali silang tumakbo papunta sa direksyon ng sigaw, pero wala silang nakitang tao dun. Natakot sila at kumaripas ng takbo. Nang malaman ito ng kanilang magulang, hiniling nila sa pari na muling basbasan ang kapilya.

Isang araw ng Linggo noon nang nagdaos ng misa ang pari kasama ang mga magulang at mga parokyano nang umihip ang malakas na hangin sa loob ng air-conditioned na kapilya. Isang malakas na ungol ng lalaki ang narinig nila. Nagtakbuhan ang mga parokyano, pero hindi nila mabuksan ang pintuan nito. Dahil gawa sa salamin ang pintuan, pilit na binabasag ng mga parokyanong lalaki ito ngunit hindi man lamang ito nagkalamat.

Nanawagan ang pari na huminahon ang lahat at magdasal para sa kaluluwa. Naging kalmado ang hangin sa loob ng kapilya. Ilang sandali pa ay nabuksan na nila ang pintuan.

Mula noon, maraming taga-subdivision ang hindi na nagsamba doon at kakaunti na lamang ang mga nagpa-party sa may Clubhouse na nasa likdo lamang ng kapilya. Nag-alala ang tagapamahala ng subdibisyon kaya nila naisipan na tawagan kami.

Pagdating namin sa kapilya, binati kami ng malamig na temperatura sa loob nito. Ang kapilya ay may malaking altar na yari sa kahoy. Ang krus sa gitna ng kapilya ay yari sa inukit na kahoy. Iilan lang ang mga upuan, tamang-tama lamang sa populasyon ng subdivision. Sa gitna rin matatagpuan ang malaking Bibliya na kinukuwento ni Ginang Jimenez sa amin.

Pagsapit ng dapit-hapon, narinig namin ang nakakabingi na sigaw ng isang lalaki. Hinabol namin ang pinagmumulan ng sigaw. Nasa

loob lamang ito ng kapilya, malapit sa pintuan nito. Ang isa naming kasama ay inilipat ang bukas na pahina ng Bibliya sa Ebanghelyo ni Lucas. Ngunit matapos ang sigaw, nailipat muli ito sa Ebanghelyo ni Juan 5:28.

Naglagay kami ng apat na set ng baraha ng tarot sa bawat sulok ng kapilya. Sabay-sabay kaming kumuha ng isang baraha mula sa gitna. Lahat kami ay iisa lang ang nakuhang image—ang card of justice.

Pangalawang baraha, kumuha kami sa ibabaw at sa ilalim ng deck. Isa sa amin ang nakakuha ng empress, dalawa sa amin ay nakakuha ng baraha na 10 cups at isa sa amin ang nakakuha ng two cups. Unti-unting nabubuo namin ang kuwento ng pagpaparamdam.

Para malaman namin kung tama ang hinala naming dahilan ng haunting, hinanap namin ang parish priest. Tinuro kami sa San Rafael sa Bacoor. Agad kaming nagpunta doon kasama ang mga tagapangasiwa ng kapilya.

Tinanong namin ang kuwento ng kapilya sa loob ng subdivision. Ayon sa kanya, noong 1979 hanggang 1981, merong isang pamilya na nakatira sa may Aniban. Kilala silang pamilya sa Bacoor. Isang gabi, merong kumuha sa kanila at sa hindi malamang dahilan ay dinala sila sa Naic. Mga ilang araw ang lumipas nang matagpuan sila sa bakanteng lote na ngayon ay kinatitirikan ng subdivision. Hindi lang masiguro ng pari kung ang loteng kinatatayuan ng kapilya ay siyang lugar kung saan nakita ang pamilya.

Hindi pa natatagpuan ang pumatay sa kanila. Ang sabi ng mga pulis, may nakakulong na na suspect pero marami ang nagsasabing hindi naman ito ang pumatay at dumukot sa pamilya.


Gabi na nang pakawalan kami ng parish priest. Interesado siya sa ginagawa namin at sinabi niyang tutulong siya sa paghahanap ng

hustisya para sa pamilyang pinatay.

Makalipas ang ilang buwan, inimbitahan kami muli ng mga tagapangasiwa ng kapilya. Pinakita nila sa amin ang kaso ng namatay na pamilya. Sa pagpupursige ng mga grupo ng kababaihan sa kapilya, natunton ng pulis ang suspect sa pagpatay sa pamilya—ang isang business partner nila na nahuli sa Baclaran at may bagong tinayong tindahan ng sapatos. Natukoy siya nang mahanap ng mga pulis ang mga kasamahan niya sa pagdukot sa mag-anak. Ayon sa kanila, ang pagkamatay ng pamilya ay magiging dahilan ng pagkalipat sa pangalan niya ng lupain kung saan sila sosyo. Ang lupang 'yun ay tinataniman nila ng palay noon. Eto rin ang lupa kung saan tinambak ang bangkay ng pamilya at siyang binenta sa developer ng subdivision.

Binigyan ng maayos na basbas ang mga namatay. Mula noon ay wala nang narinig o naglipat ng pahina ng Bibliya. Nagkaron ng katahimikan ang kapilya at dumami ang mga nagtayo na ng bahay dito. Humupa na rin ang takot sa lugar na ito.





# Kampana

Wala pa akong nakikitang multo na pumatay ng tao o nagdulot ng kamatayan ng isang tao, madami sa kwentong ito ay dahil sa mga napapanood sa sinehan o 'di naman kaya ay sa pagkakabit-kabit ng kwento sa pagdaan ng panahon.

May isang simbahan sa bayan ng Pampanga na inilipat ng parish priest ang tore ng simbahan dahil ang kwento ay walang gusto mag-kampana. Ayon sa kwento, bawat taong nagpupunta sa kampanaryo ay namamatay.

Lagi na lang ganito ang kwento lalo na kapag panahon ng undas o ng Mahal na Araw, hanggang nagpasya ang obispo na patayuan ng panibagong kampanaryo ang parokya. Ngunit ganun pa rin ang kwento. Ayon sa mga tao may namatay na rin na karpentero sa bagong kampanaryo kaya naglagay lamang ng mga malalaking speakers ang simbahan para wala nang tao ang umakyat dito para patugtugin ang kampana.

Nang malaman ni Father Danilo, ang paring naka-assign sa simbahang iyon, na nasa Pampanga ako, agad na binisita niya ako sa bahay ng tita ko sa Sta. Rita.

Matagal na kaming magkakilala ni Father Danilo. Noong high school pa lang ako sa Manila, siya ang nagturo sa aming kumanta at maghanda para sa misa. Lagi rin kaming kumakanta sa parokya niya sa Onyx. Sa pagkakataong ito, mahigit na sampung taon na kaming 'di

nagkikita. Nang malaman niya na madalas ako sa tiyahin ko ay inalam niya ang lugar. Siya rin ang nagpaliwanag ng mga bagay na dapat kong malaman tungkol sa nakikita ko na wala dito sa mundo.

Nang magkita kami, nalaman niya na pinagpatuloy ko ang kaalaman ko sa paranormal. Nakita daw niya ako sa telebisyon at namangha siya sa kaalaman ko. Kaya naman nagpasya siyang ikuwento sa akin ang problema niya sa kanyang parokya.

Ayon sa kanya wala namang namatay sa komunidad nila noong sumabog ang Mount Pinatubo. Hindi niya alam kung saan galing ang mga kwentong tungkol sa kampana at kampanaryo.

Nagpasundo ako kinabukasan sa kanya ng papagabi na at agad na pumunta kami sa simbahan. Doon nakasalamuha namin ang mga caretakers parokya. At ito ang naging kuwento nila:

Noong 1937 pa tinayo ang parokya na noon ay kapilya pa lamang sa bayan ng San Manuel. Madami sa kanila ang madalas na nagsisimba kaya napagpasyahan ng bishop na palakihin ang kapilya at gawing ganap na simbahan. Habang ginagawa ito, may isang babae ang kulang-kulang ang pag-iisip na tumalon mula sa ginagawang tore at agad na namatay. Sumunod na taon, 'yung kampanero ay nahulog naman mula sa bintana ng bell tower dahil kumalas ang tali ng kampana.

Mula noon ay maraming mga kwento na ang narinig tungkol sa "sinumpang" kampana. Ang sabi pa, maraming tao ang tumalon mula sa kamapanaryo noong panahon ng mga Hapon para makaligtas. Ang iba naman daw ay nagpakamatay na lamang kaysa sa mahuli ng mga dayuhan.

Kasama si Father Danilo, agad naming tinungo ang lumang bell tower. Masikip ang daanan ng lumang tore, halos kasya lang ang katawan ko (medyo napabayaan ako sa kusina). Nakaabot kami sa tuktok ng

tore. I was enjoying the view when I felt a hand on my right shoulder.

Paglingon ko, nakita ko isang babae na hawak ang isang panyo. Nakapalda na ang disenyo ay parang noong panahon pa ng Kastila, ang pang-itaas niya ay baro na may mga punit sa gitna. Maayos ang kanyang buhok—hindi siya mahirap o may deprensya sa ulo.

Siya ang unang sinasabing nagpakamatay mula sa bell tower, 'yung sinasabing may sira sa ulo. Ayon sa mga pinakita niya sa akin, hindi siya tumalon. Siya ay tinulak ng isang pari sa dating kapilya na iyon. Pinakita niya sa akin na buntis siya noon. At alam ko na ang rason kung bakit siya umano itinulak ng pari. Tinanong namin kung may iba pa siyang kasama doon.

Ang sabi niya may dalawa pa siyang kasama. Itong dalawang multo na ito, nagpamalas sila ng gabi na—isang bata at isang lalaki na may tangan na tali. Ang bata ay nabuhay noong 1960s. Sa pinakita niyang kwento, siya ay nalaglag habang naglalaro sa kampana. Hindi niya alam na namatay na siya, at lagi niyang hinahanap ang nanay niya na noon ay nakatira sa bayan.

Ang lalaki naman na may tali ay nahulog sa tore nang bumagsak ang kampana sa kanya. Dahil sa luma na noon ang sahig ng tore, nalaglag ito sa ibaba. Nangyari ito noong 1970s.

Kinabukasan, agad naming tinungo ang munisipyo. Hinanap namin ang mga listahan ng mga taong naaksidente sa bell tower. Nalaman ni Father Danilo na ang bata ay nakatira sa bayan ng Isidro. Namatay na raw ang mga magulang niya at kapatid na lang niya ang nakatira sa kanilang bahay.

Hinatid ni Father Danilo ang batang multo sa bahay nila at sinabing kuwentuhan siya sa mga nangyari sa kaniya. Ang sumunod ay ang lalaking may tali. Dahil sa ulilang lubos na ang lalaki noon pa mang

bago ito mamatay, wala kaming paraan para hanapin ang mga kaanak nito. Binasbasan lamang siya at nakiusap na 'wag nang gambalain ang kampana.

Ayon sa batang lalaki at ang lalaking may hawak na tali, wala silang alam na kumitil sila ng buhay para iparamdam sa parokya ang kanilang galit. Kahit man ako ay wala ring nararamdaman na paghihiganti o matinding sama ng loob mula sa kanila.

Hindi lang nila pinapayagan na maulit ang mga aksidente dito kaya sila ay nagpaparamdam sa lahat ng nagpupunta. Ang kampana naman dahil sa luma na ang sahig at kapitan nito, maigi na raw na gumawa ang bishop ng bago. Sabi nila, wala naman daw naninirahang multo sa mismong kampanaryo.

Ang mga tao sa ibaba ng simbahan ay mga namatay noong sumabog ang bulkan. Dahil sa natabunan ang ibang simbahan at isa ito sa mga nasalba, dito nagpuntahan ang mga namatay para humingi ng tulong sa Diyos.

Nakita kong dumarami na ang multo sa may altar. Hindi na ako pwedeng manatili sa lugar na iyon. Kinailangan kong umalis.

Hindi ako nakontento sa nakita ko. Tinungo namin ang malapit na paaralan para maitanong sa principal ang kwento ng simbahan.

Ang nagkalat daw ng kuwento tungkol sa kampanaryo ay ang mga gerilya na dati ay tumatakas sa mga Hapon at iba pang mga tumutugis sa kanila. Ayaw nilang may nakapwesto sa toreng kalaban dahil maaaring makita mula dito ang kanilang operasyon. Kaya hindi totoo na kapag umakyat ka dun ay mamatay ka sa loob ng tatlong araw. Sa urban legend na kumakalat, ang mga nakakaakyat sa kampanaryo ay unti-unting mawawalan ng bait at tatalon na lamang mula dito. Maririnig daw ang kampana kahit na ikaw ay tulog.

Dalawang araw na noon nang umakyat kami ni Father Danilo sa bell tower. Wala pa rin kaming nararamdaman o nakikita. Minabuti rin namin na patugtugin ang mga kampana habang misa. Ikinatakot ito ng buong bayan. Isa-isa kaming nilapitan at sinasabi na mamamatay kami.

Ikatlong araw, dinalhan kami ng pagkain ng parokya at pinag-novena kami ng mga matatanda. Mayroon ding mga albularyo na tu-mingin sa amin. Ayon sa kanila, hindi na kami aabutan ng gabi. Na-ghanda na rin ng mga tinuyong dahon sa ibaba ng tore para hindi kami masaktan dahil supposedly, mamamatay kami dahil magpapatihulog kami mula sa tore.

Naghintay kami ni Father Danilo. Sa aming paghihintay, nag-kantahan kami sa labas ng simbahan at pinagmamasdan ang mga ibang multo na dumadaan sa tabi namin. Nagsuot kami ng maitim na damit para hindi kami makita.

Siguro kung totoo 'yun, hindi ko na naisulat itong kwentong ito. At kung tunay 'yun, hindi ipapadala si Father Danilo sa New Mexico sa Estados Unidos para mamuno sa isang parokya doon.

Hindi namin sinasabi na maniwala o hindi maniwala sa mga ur-ban legends, pero bago tayo maniwala sa kahit na anong bagay, mas maigi na magmasid muna tayo. Ang napapanood natin sa telebisyon o sinehan minsan ay kathang-isip lamang.

# Ang Ina at Anak

May kwento kaming narinig sa simbahan ng Birhen ng Mga Bituin sa isang lalawigang may kalapitan sa Manila. Inimbitahan kami mismo ng Arsobispo para malaman ang kababalaghan ng naturang parokya.

Ayon sa kwento ng isang taga-parokya, minsan nagpasya ang parish priest na ipaayos ang buong altar nito para sa nalalapit na ikalabing-limang taong anibersaryo ng parokya. Gusto niyang ipagmalaki ang mga antigong imahen ng mga santo at mga natatanging banal na obra ng mga tagarito.

Ang Birhen Maria na yari sa narra ay dinala ng mga guerilla sa altar na iyon noon pa mang panahon ng Kastila. Naniniwala ang mga tao na ang Birhen ay nagtataglay ng milagro. Sabi ng mga matatanda, ang imaheng ito ang nagsalba sa maraming mamamayan sa kanilang lugar mula sa paglusob ng mga Hapon.

May iba pa rin namang imahe sa altar gaya ng Santo Nino at ang Nazareno na mula pa rin sa panahon ng mga Kastila.

Nagmungkahi ang isang mula sa Manila na ipaayos ang mga santo sa isang curator ng National Museum. Sinunod naman ito ng parish priest. Dumating ang curator sa simbahan at agad niyang ininspeksyon ang mga imahen at ang kinalalagyan nito. Ang pinakaantigo sa mga imahen ay ang Birhen na kinakailangan nang pagawan ng glass case dahil malapit nang mabura ang mga detalye nito sa katawan.

Nagpasya ang curator na ilagay ang birhen pansamantala sa museo para madali ang pagre-restore nito sa orihinal na kondisyon. Kasama ang isang madre, agad nilang dinala ito sa Maynila.

Kinabukasan, pagpasok ng curator, laking gulat nito na nawawala ang birhen. Ipinahanap sa mga gwardiya at pinalabas kaagad ang mga talaan ng mga taong lumabas at pumasok dito pati na ang security tapes.

Hindi niya malaman kung paano niya sasabihin sa kura ang pangyayaring ito. Alam niya na hindi niya ito mababayaran at ito ay isang malaking iskandalo sa bayan kung saan galing ang imahen.

Samantala, nagmimisa na ang pari sa simbahan kung saan galing ang imahen. Pagtingala niya sa tabernakulo, nakita niya ang Birhen. Naisip niyang baka sinauli ito ng curator. Tinawagan nila ang curator pagkatapos ng misa at nagulat sila sa nalaman mula dito.

Ang Birhen daw ay nawawala ayon sa curator. Nang sinabi ng pari na naibalik na ang imahen sa dating kinalalagyan nito, nagalit ang curator dahil sa wala umanong paalam na kinuha ng pari ang imahen. Agad namang sinabi ng pari na wala siyang kinalaman sa pagbabalik ng imahen. Sa huli, napagpasyahan nilang sa simbahan na lang gawin ang Birhen para hindi na rin ito kailangang i-transport sa Manila.

Nilipat ang Birhen sa malaking kwarto sa kumbento. Pagdating ng curator, agad na sinukatan ito ng damit at unti-unti nang inukit muli ang mga detalye nito sa katawan. Nagpasya ang curator na huwag na muna alisin sa silid na iyon ang Birhen para hindi magalaw ang mga kakalagay pa lang na masilya dito.

Kinabukasan, nagmisa muli ang pari ng umaga. Pagtingala niya, nakita na naman niya ang Birhen. Namutla ito at agad na tinapos ang misa. Kinatok niya ang kura at sinabing bumalik na naman sa altar ang

Birhen.

Apat na araw na ganun lagi ang nangyayari. Inakala nila na mayroong mga deboto na nagbabalik sa imahen sa kinalalagyan nito. Sa ikalimang araw, giniba ng mga karpentero ang altar para bigyang daan ang paglalagay ng glass case ng mga rebulto. Kinabukasan, nakita nilang nakalutang ang Birhen na animo'y andun pa ang dati niyang pedestal.

Nakahanap rin ang mga karpentero ng isang iron chest na kasing laki ng lalagyan ng sapatos na nakabaon sa ilalim ng mismong tinutuntungan ng Birhen. Nang buksan ito ng parish priest, naglalaman ito ng lupa at maliiit na buto. Pinakita nila ito sa curator. Nagulat sila sa sinabi ng curator—buto ng isang sanggol na wala pang isang taon gulang ang laman ng kahon!

Agad nilang kinuha ang Birhen at ibinalik sa kumbento. Ayaw kasi nilang magkaron ng iskandalo sa buong parokya. Hanggang pinaabot na ng parish priest sa arsobispo ang nangyayari sa kanyang parokya.

Pinatawag ako ng arsobispo ayon na rin sa payo ng kaniyang tinuturuang seminaryo na mas mabuti na ipatingin ito sa mga eksperto sa multo. Maaga pa lamang isang araw ng Biyernes, tinungo na namin ang munting bahay ng Diyos.

Lahat sila sa kumbento ay hindi naniniwala na ito ay milagro dahil sa tuwing kukunin ito mula sa altar ay may malamig na hangin silang nararamdaman. Minsan naman ay may naririnig silang umiiyak sa likuran nito.

Sa panahong iyon, may mga taong nakabantay sa santo habang ginagawa ito ng curator. Nakatali na rin ito sa mesa. Ngunit ayon sa kanila, natatanggal ang tali ng Birhen at bumabalik ito sa dating pwesto.

Tinanong namin sa parish priest kung sino ang unang nag-

mamay-ari ng kumbento at simbahan. Ayon sa kaniya, ito daw ay dating pagmamay-ari ng mga Perez.

In-inspect namin ang santo. Ayon sa curator, may nakaukit na "Donated by Perez Family" sa ibabang bahagi nito. Nang sabihin namin ito sa madre, sinabi niya na may isang matanda na nakatira sa likod ng parokya. Baka may alam siyang explanation sa mga nangyayari sa simbahan.

Natagpuan namin ang isang matandang babae na mahaba ang buhok, hanggang bewang. Maputi na ang bawat hibla nito. Kuba na rin siya sa pagkakaupo, pero sabi ng mga kasambahay niya ay maayos pa ang memorya ng matanda.

Nang makita niya ang madre at ang pari na kasama namin, pati ang curator, sinabihan kami na hindi na bago ang istorya ng nagbabalik na Birhen. Dati siyang tagapamahala ng asinan ng mga Perez. Nang mag-asawa ang nag-iisang anak nilang lalaki noong 1968, natuwa ang buong hacienda dahil sa matagal nang panahon nang huling may bata sa hacienda at sa asinan. Si Raymond Perez ang binatang ikakasal. Ang ama nito ay namatay sa isang aksidente sa eroplano papuntang Cebu.

Nang mag-asawa si Raymond, siya namang pagkamatay ng kanyang ina sa sakit na cancer. Naghinagpis nang husto ang buong angkan dahil sa mabait ang ina nitong si Isabel. Wala kahit na isa ang may galit sa kanya.

Halos walong taon nang kasal sina Raymond at Sheryl, pero hindi pa rin sila nagkakaanak. May nag-suggest na pumunta sila sa simbahan ng Sta. Clara para humingi ng anak. Pagkalipas ng ilang taon ng pagsasayaw, nabiyayaan sila ng isang babaeng anak at pinangalanan itong Helena. Ngunit hindi tumagal ang buhay ng bata at agad na namatay dahil sa komplikasyon sa dugo. Lubos ang lungkot ng mag-

asawa. Nilibing ang anghel sa harap ng mansyon. Nabuo ang debosyon nila sa Birheng Maria hanggang napagpasyahan nilang magpatayo ng simbahan sa harap ng mansyon.

Pumunta sila ng Italya at bumili ng antigong Birhen at iba pang santo. Sa kinatatayuan ng mga ito sa simbahan ay inilagay nila ang labi ng kanilang anak bilang simbolo ng pagmamahal nila sa bata at sa Diyos.

Dahil sa malaking halaga rin ang ginugol ng mag-asawa, minabuti nila na pagbilinan ang espiritu ng anak nila na 'wag iwanan ang Birhen. Sabi ng matandang aming nakausap, malamang ito ang dahilan kung bakit laging bumabalik ang Birhen sa kinatatayuan kapag ito ay inaalis doon.

Sinubukan namin na maghintay ng hatinggabi sa pagbalik ng Birhen. Pagtuntong ng alas dos y medya, bumalik ang Birhen sa altar. Bigla na lamang itong nagpakita, hindi ito naglakad o dumaan man lamang sa harap namin. Sa isang iglap, nandun na siya sa dating kinalalagyan niya.

Kinuha namin ito at narinig namin ang iyak ng isang sanggol. Nang marinig ito ng kasama naming pari, agad na binasbasan ang lugar. Kinausap din niya ang presensiya at sinabing nilalagay lamang ang Birhen sa maayos na lalagyan dahil kung hindi, ito ay mabubulok sa kinalalagakan niya. Kapag nabulok ito, mas lalong mawawala ang alaala ng kanyang magulang. Patuloy ang iyak ng sanggol. Minabuti namin na ipatawag ang magulang nito. Agad naman silang dumating. Kinausap nila ang Birhen at sanggol na unti-unti nang humuhupa ang iyak.

Nang sinabi ng kanyang ina ang kanyang wagas na pagmamahal sa bata at simbahan, nawala ang iyak. Pati ang santo ay pumuti. Ayon sa pari, ito ang talagang itsura nito.

Umiyak ang mag-asawa. Binigyan ng burol ang sanggol sa harap ng altar habang inaaayos ang lilibingan dito sa paanan pa rin ng Birhen. Binigyan rin si Helena ng tamang basbas ng arsobispo.

Hanggang ngayon, ang Birhen at si Helena ay magkasama pa rin.

Huli naming balita, may isang grupo ng ibang paniniwala ang lumusob sa simbahan. Binasag nila ang lalagyan ng antigong Birhen at iba pang santo. Pinugutan ang ulo ng iba at ninakaw ang Birhen. Tinapon ito sa bangin sa may dulo ng isang bayan sa probinsiya, ngunit ito ay bumalik sa simbahan. Ang ibang santo rin ay bumalik sa dating anyo. Natagpuan ang mga gumawa ng pagnanakaw na tulala sa gitna ng munisipyo.

# Ang Santo ni San Manuel

Dumating kami sa San Pablo, Laguna halos maggagabi na. Sinabi ng producer ng programa na kung pwede sa gabi namin kunan ng footage ang simbahan at tingnan ang kakaibang santo.

Ayon sa kwento, ang imahe ni San Manuel ay yari sa sinaunang kahoy. Ang santo daw ay nagigising ng gabi at naglalakad. Ang bawat taong matabihan nito ay sinasabing mamatay kaya minabuti ng may-ari nito na ipalagay sa simbahan at ikulong sa isang parang hawla para hindi ito "makalabas."

Pero sa hindi nila maipaliwanag na dahilan, nakakalabas daw ito at tinatabihan ang tao na sinasabing mapipili niyang mamamatay habang nagmimisa. Pati ang dating parish priest ng simbahan ay tinabihan at namatay.

Tumawag ang isang maybahay sa istasyon ng TV dahil ang sabi niya na ayon sa mga kasama niyang nagsimba ay tinabihan daw siya ng santo. Masyadong hysterical ang misis kaya agad na pinatawag kami sa lugar.

Pagdating namin sa simbahan, isa ito sa mga lumang structures sa probinsya. Mataas ang basilica, pati na ang mga upuan ay lumang luma na. May mga santo sa gilid nito na halos hindi na makita ang kulay. Agad na tinungo namin ang santo ni San Manuel.

Nakakulong ito sa loob ng isang malaking hawla na mula ceiling hanggang sahig. Akala mo may maling ginawa ang santo at nasa ku-



lungan. Kinausap kami ng kura, isa rin siya sa nagpasya na papuntahin kami dahil sa sinasabing kwento nito. Naawa siya sa mga deboto nito dahil pati ang tunay na kwentong-buhay ng santo ay natatabunan na ng negative na urban legend.

Pinapasok kami sa loob ng hawla. Halos baligtarin namin ang image para makita kung sino ang umukit nito o kung kanino galing ito. Sa may maliit na pedestal niya sa likuran ay may nakaukit na "Cristobal." Nagtanong kami kung may pamilya na nakatira doon na may apelyidong Cristobal.

Sumagot ang babae na kasama namin na isa siyang Cristobal. Ang lolo niya ay Cristobal. May kapatid pa raw itong buhay na nakatira sa malapit sa kanila. Kasama ang camera crew, agad naming tinungo ang bahay.

Tumambad sa amin ang isang matandang lalaki na sobrang payat at may sugat sa may hita nito dulot ng diabetes. Kalbo siya at may kaunting balbas na parang hindi inaahit. Kinausap siya ng babae. Dahil may kahinaan ang pandinig ng matanda, sila ay nagsisigawan.

Ayon sa matanda, ang ina nito ay dating nakatira sa Paete, Laguna. Nagkaroon siya ng kasintahan na noon ay deboto ng Banahaw. May kwento pa nga daw na itong lalaki ay isang ermitanyo. Nang malaman ng magulang ng kanyang ina ang pagka-eccentric ng lalaki ay agad na pinaglayo sila.

Halos lumuhod ang ina niya para magkasundo silang lahat, pero ang nangyari, inalis siya sa lugar at nilipat dito sa San Pablo. Nang malaman ng lalaki na nasa San Pablo siya, dinukot siya at itinago sa bundok ng Banahaw.

Tumira sila duon ng ilang panahon at nag uukit sila ng mga santo para kaunting kinabuhayan nila, natunton ng magulang ng ina niya ang

lugar at agad na kinuha siya, at dinala sa Maynila, nang malaman nila na susunod ang lalaki, agad na pinadukot ito sa mga guerilla (na kilala ngayon na NPA), at pinapatay.

Sa galit ng magulang nito, pinadalhan sila ng santo bilang peace offering, kaya lang may nakatagong dasal mula sa Banahaw. Lahat ng tabihan ng santo ay mamamatay, na ganun daw ang nangyari sa magulang ng kanyang ina.

Simula nuon dinala na ang santo sa simbahan, pero walang nakatagong kwento nito. Ang sabi nakikita daw itong naglalakad at kung sino man ang makakita sa kanya ay tatabihan niya.

Matapos ng munting meryenda na hinanda sa amin ng babae, nagpaalam kami sa matanda. Bumalik kami sa simbahan, at nagsabi na magpapalipas kami ng gabi sa loob. Sumang-ayon naman ang mga pari at ang kura.

Itinali namin ang pinto at ang base ng imahe sa mga bells na ginagamit kapag komunyon. Kaunting galaw lang nito ay maririnig namin kung umalis ang santo sa pedestal niya. Umalis ako para puntahan ang isang kaso ng mangkukulam sa kalapit na bahay.

Sabi ng team ko, dumating ang babae na sinasabing tinabihan ng santo. Umupo siya sa katapat na upuan at lahat kami nag-antay, ng kahit na anong signal mula sa naglalakad na santo.

Mga bandang 2:00 a.m. may nakita sa camera, isang mahabang puting linya na nakatabi sa babae, agad na pinuntahan ng team ang likod niya, napansin nila ang ubod na lamig na lugar. Tumatayo ang kanilang mga buhok at lumalapad ang noo. Ibig sabihin may presence sa paligid.

Tuloy ang roll ng camera. Sinasabi ng cameraman kung nasa paligid pa ang multo, ipinatawag ako agad ng isang ka-team namin. Na-

kita ko sa tabi ng babae isang lalaki na may bigote at payat, maputi ang kanyang balat at nakasuot siya ng puting sando at maitim na shorts... Hindi ang santo ang nakikita ng tao.

Kumuha kami ng deck ng cards at tumabi ako sa kanila, namumutla na ang babae sa takot.

Ayon sa kwento ng tarot deck, akala niya na ang babae ay dati niyang kasintahan na sa kasalukuyan ay nagdadalang-tao. Tinanong namin sa kanya kung siya ang sinasabi ng matanda, nag-agree siya sa amin.

Pero unti- unting dumidilim ang baraha at mas lalong lumalamig. Pinadukot daw siya at pinapatay, pero dahil sa namatay na rin ang mga gumawa sa kanya nito, ang hinahanap na lamang niya ay ang nagdadalang taong asawa niya, na inakala rin niya na ang bata ay anak niya.

Nagulat ang babae sa narinig niya na siya ay nagdadalang-tao.

Kapag ang isang angkan ay may isisilang na anak o nagdadalang tao, ang mundo ng mga espiritu ay nagkakaron ng pagkagising. Dito mas madaming nakikita o bumababa sa lupa ang pamilya ng generation na iyon. Ang isa pang dahilan nito ay ang spitituality ng isang babae sa bawat pagdadalang-tao niya; lumalakas ang psyche niya o ang sinasabing 3rd eye dahil sa tinatawag na maternal instinct.

Hindi rin totoo na ang mga namamatay sa parokya ay dulot niya. Ang kura ay namatay sa sakit. Ang iba naman ay inakala niyang kamag-anak ng kanyang minamahal.

Ilang oras pa ay umalis na rin ang multo, alam namin na hindi pa siya matatahimik dahil wala na ang kanyang partner.


Pinagsindi namin siya ng kandila at pinagdasal. Pinagmisa siya ng kura at pinag-utos na alisin ang hawla ng santo at sa darating na fiesta, isasadula ang kwento ni San Manuel.

Kinabukasan pumunta kami ng munisipyo at tinanong ang mga taong sinasabing tinabihan at namatay. Ayon sa listahan, halos lahat dito ay buhay pa; ang dalawa dito ay namatay dahil sa katandaan.

Nakasalubong namin ang babae at sinabi niya na nagpatingin siya sa doktor. Totoo nga na buntis siya, matagal na silang humihiling ng anak, at sa wakas siya ay napagbigyan din. Inalala lang niya baka daw ang multo ang pumasok sa baby niya. Tumawa kaming lahat, sinabihan siya ng kura na tatagan lang ang faith at belief sa Diyos at wala siyang dapat ikabahala.

Sumunod na linggo, pinalabas sa TV ang kwento at natuwa ang buong bayan dahil nawala na ang takot na bumabalot sa kanilang simbahan.





# "V.T.R."

Kinuha namin ang isang lumang stage sa Marikina noong ako ay nasa college pa para magamit sa shooting ng isang VTR para sa proyekto namin sa Speech. Napakasaya namin kasi sa wakas ay nakakita na kami ng lugar para gumawa ng isang noontime show.

Nagplano kami na gabi pa lang ay ayusin na namin ang set tapos mag-rehearsal ng umaga para sa kunyaring live show. Sabi ng prof namin ay dadalo siya sa show namin dahil napahanga siya sa aming proyekto.

Kasama ko si Heidi, Sarah, Melanie, at Wednesday, hapon pa lamang ay andun na kami para itayo ang mga backdrop at mga props na gagamintin sa show. Bandang 6 p.m., nakarinig kami ng tunog ng microphone. Agad kaming umakyat sa director's booth at nakita na wala namang tao doon.

Biglang may usok na lumabas sa gilid ng stage. Agad itong kumalat hanggang sa itaas. Hindi ako makahinga dahil sa amoy. Nakaapekto sa hika ko ang usok. Hinanap namin ang malapit na labasan, pero lahat ito ay nakasara. Pinilit kong umakyat sa director's booth para makatawag sa telepono. Nakaabot ako sa itaas. Nang tanawin ko ang mga kasama ko, nakita kong madaming tao ang tumatako at hinahawi ang usok. Nahanap ko naman ang switch ng ilaw at pinindot ko 'yun. Nang lumiwanag ang paligid, biglang nawala din ang usok na parang hindi man lang ito nagdaan.

Inisip naming baka ito ay guni-guni namin dahil sa pagod at puyat. Lahat kami ay hindi naghiwalay. Tinuloy namin ang pag-aayos ng props.

Pagdating ng 9:00 ng gabi, may narinig kami sa speakers ng lugar—mga huni, mga salita ng tao. Maya-maya ay tumunog ang mic ng napakalakas. Hindi namin alam kung saan galing. Naglakas loob akong umakyat sa director's booth at nakita ko na bukas lahat ng equipment. Pinatay ko lahat ito at bumaba. May naramdaman akong dumaan sa gilid ko, pero hindi ko ito pinansin.

Pagbaba ko, ilang saglit lang ay umulit ang mga tunog. Umakyat ulit ako at nakita kong bukas na naman ng mga equipment. Dumungaw ako sa ibaba. Nakita ko, madaming tao na nakaupo sa bawat isang upuan. May mga bata na naglalaro sa gilid. Sa stage, may isang lalaki na may edad ang nagsasalita, sa likod niya may mga babae at isang grupo ng teenagers.

Hindi ako makalakad sa nakikita ko.

Biglang may kumalabit sa likuran ko. Ayaw kong lingunin dahil alam kong multo ito. Akala ko hindi na ako muling makakakita, akala ko . . . Nangako ako sa lolo ko na hindi na ako makikipag-usap sa kanila.

Inipon ko ang lakas ko at takot ko at lumingon ako. Nakita ko ang isang lalaki na mga edad na 30. Ang buhok niya ay parang noong 1970s pa at retro pati ang suot. Sinabi niya, "Alam kong nakikita mo ako."

Nagkarun ng sariling isip ang paa ko at parang sinasabing umuwi na ako. Pero ang lakas ng kaba ko sa dibdib. Naririnig ko ang mga kasamahan ko na tinatawag na ako, pero nanigas ang buong katawan ko.

May nagsalita sa ulo ko na kelangan ko siyang kausapin, kailangan ko silang tulungan.

Nanginginig pa ang salita ko nang tanungin ko kung ano ang kailangan nila. Ayon sa lalaki, gusto nilang malaman ng mga tao ang sinapit ng buhay nila sa loob ng parang "simbahan" nila. Hindi ako kumibo. Biglang tumayo ang mga tao sa paligid at unti-unting lumapit sa akin. Hindi ko na alam ang sumunod na nangyari.

May tubig na pumasok sa ilong ko kaya ako nagising. Binuhusan pala ako ng tubig ng mga kasamahan ko at sinabi nila na bigla na lang akong bumagsak sa sahig. Sinabi ni Heidi na umalis na kami at sa umaga na lang ituloy ang pag-aayos. Lahat kami ay sumang-ayon.

Kinabukasan, habang sinesermonan kami ng group leader, iniisip ko ang mga nangyari ng nakaraang gabi. Baka naman totoo ang nakita at naramdaman namin.

Inumpisahan na ang rehearsal, lahat ay excited sa show. Kami nila Heidi, Melanie, at Sarah ay nagsimula na rin na gawin ang mga pangalan na ilalagay sa bawat upuan. Sa bawat lagay namin, isa-isa rin silang nalaglag. Kahit anong gamitin naming pandikit sa upuan, nahuhulog pa rin ang name tags.

Pinatawag kami ng director namin at pinahatid ang tape sa booth para sa dry run. Nakita namin na iba ang lumabas sa TV. May lalaki na nagsasalita sa stage, naka-barong ito, may mga tao rin sa likuran niya na may tangan na mga gitara at maliit na piano, para ding may choir sa likod. Sa harap, may mga tao na animo'y may sinasabing mga salita. Na-recognize ko ito na parang isang born again na samahan, pero ang suot nila ay parang noong dekada '70.

Galit na galit ang director namin at sinabi na bago dapat ang tape na ginamit. Sinabi naming bago ang tape at pinakita pa namin ang balot

nito. Sinabi niya baka daw nung binili namin ay may nakapatong na dati kaya sinabi niyang isasauli niya ito kinabukasan.

Sabi ko papalitan ko na lang. Kinuha namin ang tape at pinanood namin ito nina Heidi, Melanie, Sarah, at Wednesday. Bandang huli ng palabas, may usok na nakita sa gilid tulad ng nakita namin dati. Kumalat ito at nasunog ang paligid, wala halos kaming nakita. Sumunod na eksena: isang lugar na puno ng puro itim na mga tao na nakahandusay sa mga pinto at mga ilalim ng silya.

Halos maiyak kami at masuka sa nakita. Nagtaka kami. Nabago ang tape namin. Tinawag na kami para sa umpisa ng show.

Nang silipin ko ang unahan ng stage habang may palabas, nakita ko ang mga tao. Dalawa sa iisang upuan. Sabi ko, "Wow, super full house."

Kinabukasan, ie-edit na namin ang tape para ipalabas sa klase. Kasama ang professor namin. Lahat ng apat na tapes na nagamit, puro may palabas na parang isang born again na pagsamba. Tama rin ang anggulo ng aming camera sa camera nila.

Hindi ko alam ang gagawin. Ni-reschedule ang project namin sa ibang location. Bumalik kaming lima sa lugar para makuha ang equipment naming natira. Hinamon ako ni Wednesday na mag-spirit of the glass. Sabi ko hindi na kelangan 'yun kasi nakakakita ako. Tinawag ko ang isang multo na nakilala ko sa director's booth.

Pinakwento ko sa kanya ang huli nilang sandali . . .

Nalaman namin na ang stage namin ay dating lugar ng isang movement na tinatawag na Church of the Living Christ noong '70s. Noong panahon na 'yun, hindi tanggap sa komunidad ang kanilang religion kaya kinulong ng mga tao ang grupo at sinunog ang lugar. Halos namatay ang lahat ng tao pwera sa ibang nakatakas sa paglabas sa maliit

na pinto sa likod ng kanilang stage. Ang iba'y nasunog na lang sa kanilang upuan.

Hindi ito pinaalam sa media dahil noon panahon na iyon ng Martial Law ay hindi masyadong pinapansin ang ganitong mga balita. Ang hiling lang nila ay maipakita ito sa ibang tao at malaman na may simbahan na nakatayo doon.

Nakita ko ang kasama ko nakakumpol sa isang sulok at nanginginig sa takot.

Agad kong pinaliwanag ito sa professor ko at sinabi na ipadala ko sa media ang tapes. Nang ipinadala ko, pinalabas ito undas ng taong iyon.

Matapos na ipalabas 'yun, binuksan muli ang pintuan ng kanilang relihiyon nang mapanood ito ng anak ng pastor. Naglagay rin siya ng epitaph sa harap nito para sa alaala ng mga namatay sa sunog.

Bumalik ako noon lang March 2008 dahil ang isa sa mga kaibigan ko ay kasapi sa kanilang simbahan. Ayon sa anak ng pastor na si Gerry, wala na siyang naramdaman, pero binigay niya muli ang tape sa akin. Pinanood ko ito, nakita ko ang show namin na ginawa noong college. Pinakita ko ito sa mga kasamahan ko makalipas ang 12 years. Lahat sila nagtaka. Ako? Hindi na ako muling nagtanong pa. Alam ko na rin ang sagot.

# Kasal, Kasali . . . Kabangkay

May isang simbahan kaming binisita iglesia noong Mahal na Araw ng year 2003. Masaya ang ganitong panahon sa mga probinsya, madaming mga senakulo at iba't ibang palabas na pinapakita ang pag-sakripisyo ni Kristo para sa mga tao.

Ito ay isang kwento sa walong simbahan na dinalaw ko sa pro-binsya ng Cagayan Valley.

Unang napuntahan ko ay isang maliit na simbahan. Nasa gitna siya ng undeveloped na lugar. Ang sabi nila, ang simbahan daw ay malaki na para sa kanila.

Ang simbahan ay maliit lang at nasa ibabaw ng mataas na burol sa bayan. Sabi nila, pinatayo sa mataas na bahagi ng bayan ang sim-bahan dahil ang lugar nila ay malimit bahain. Sa loob nito ay kasya ang halos 50 katao lamang. Ang hirap pa nito, sabay-sabay na ginagawa ang kasalan, binyagan, at blessing ng mga patay.

Sa ceiling nito ay napakadaming mga paniki. Ang sabi ng pinsan ko, mas madami pa daw sa tore ng simbahan. Pagtuntong ng 6 p.m., naglalabasan ang mga ito.

Dahil sa malapit sa bahay ng tito ko ang simbahan, napagpasya-han ko na pumasyal sa simbahan ng gabi. Kasama ko ang mga kamag-anak ko, hindi ko sinabi kung bakit ako pupunta dito. Pag-apak namin sa pasilyo nito, may nakita kaming mga paniki na nakasabit sa mga puno ng kalachuchi at mangga. Unti-unti akong lumapit sa pintuan nito



at binuksan ko, may isang maliit na kasalang nangyayari. Sinabi ko sa pinsan kong si Sultana na may kinakasal sa loob. Lumingon kami. Wala namang ibang tao sa paligid, wala ring mga kotse na nagsasabing may nagaganap na seremonya sa loob.

Umikot kami sa paligid nito at nakakita kami ng isang bukas na bintana. Ang alam namin, ang kasalan ay magaganap sa buong araw ng Sabado kaya nagtaka kami sa schedule nito na sa gabi ginawa ang kasal.

Nakaputi ang babae na nakabelo, pero ang damit nito ay madilaw. Ang damit niya ay makinang at may mga rosas na puti sa kamay nito. Makapal ang belo, hindi masyadong makita ang mukha ng bride. Ang iba ay nakabelo rin. Inisip naming baka sinaunang tradisyon ito ng mga taga-bayan. Ang lalaki ay ubod ng gwapo—maputi, mapula ang labi, at kulay berde ang mata. Ang suot nitong barong ay medyo madilaw na rin. Nakita namin ang pari na nakatalikod at nakasuot lamang ng mahabang telon. Makapal ang likod nito.

Iilan lang ang taong dumalo sa kasalan. Hindi man lang napuno ang gitna ng kapilya. Nang magsabi ng "I do" ang mga mag-asawa, biglang lumipad ang isang katutak na paniki. Ang iba ay nagtuloy sa direksyon ng gubat.

Nagulat kami sa dami ng paniki. Nang maaninag namin na tapos na ang seremonya, unti-unti na lumalakad ang mga "tao" sa labas ng simbahan. Sinilip ko ang harap na pintuan ng simbahan. Nakasarado ito.

Dinungaw pa lalo ng pinsan ko ang ulo niya sa bintana. Nagulat siya na unti-unting nawawala ang mga "tao" sa may dulo ng walkway. Nang humarap ang pari sa amin, nakita niya ang isang sunog na mukha na madilaw ang mata at ang suot na sutana ay halos puno ng dugo.

Napasigaw ang pinsan ko. Napansin kami ng pari. Agad tumakbo ang mga kasama ko. Napadpad kami sa harapan ng parokya nang bumukas ang pintuan nito at lumabas ang mga nakakatakot na mga mukha. Mga tao na sunog ang katawan at mukha. Ang lalaking asawa ng babae ay sunog ang katawan, pero maganda ang mukha. Kulang din siya ng hita.

Agad kaming umuwi sa bahay, nagtalukbong at nakatulog. Kinabukasan, nakita namin sa harapan na puno ng mangga ang ilang paniki. Binugaw ko ang mga ito, pero bumabalik. Maya-maya, may isang babae na hindi naman katandaan ang dumating sa bahay.

Nakapusod ang buhok nito at nakasuot ng kulay maroon na pang-itaas at nakapalda siya. Tinanong niya kung galing kami sa simbahan noong gabi. Sinabi naming galing nga kami doon. Biglang tumaas ang boses nito na binabastos namin ang sacred na lugar. Dali itong umalis at lahat kami nagtaka.

Kinahapunan, bumalik kami sa simbahan. Sa araw na iyon, nasilip naman namin ang isang binyagan. Ang mga tao ay parang katulad din ng nakita namin sa kasalang naganap nung nagdaang gabi—nakabelo at nakaputi na kupas na ang mga bisita. Hinintay namin ang pagtatapos nito nang may humawak sa balikat ng pinsan ko. Ang kamay ay pag-aari ng matandang pumunta sa bahay ng tito ko. May dala itong pamalo at isa-isa kaming pilit na hinahataw. Agad kaming nakatakas, pero may mga pasa kami sa binti at sa braso.

Pagdating namin sa bahay ng tito ko, nakatulog kami sa sakit ng katawan. Kinabukasan, ginising kami ng away sa labas ng kwarto. Nakita ng tito ko ang pasa namin sa katawan at dinala kami sa barangay. Pilit na pinapahanap ang babae.

May isang teenager ang lumapit sa amin. Napag-alaman niya na

hinahanap namin ang babae. Pinakita rin niya ang dating mga sugat nito sa katawan. Siya din daw ay pinalo ng parang latigo at agad na sinugod siya sa ospital.

Kinuwento niya sa amin na minsan, isang gabi, naabutan siya ng ulan sa bayan. Alam niya na babaha at napagpasyahan nilang pamilya na sumilong sa noon ay bukas na simbahan. Nakita nila na may kasalang nagaganap kaya naupo lang sila sa likod hanggang tumila ang ulan. Nang humarap sa kanila ang mga tao, mga naaagnas na bangkay at animo sunog ang tumambad sa kanila.

Tumakbo sila, pero hindi pa nakakaabot sa gate, bigla silang pinagpapalo ng babae at tinulak sa labas. Sa takot nila, umuwi na lang sila.

Ganun din ang kwento ng kapitan ng barangay. Nang tumaas ang tubig sa lugar nila, pinalikas niya ang mga tao sa simbahan. Duon nasaksihan nila ang isang kasal at binyagan. Minabuti nila na tumahimik sa labas nito hanggang matapos ang seremonya. May biglang sumigaw na kasamahan nila. Nagtatakbo at sinabing mga maligno ang nasa loob.

Nagkagulo at isa-isang tumakbo ang mga tao, pero kinabukasan madaming paniki ang nakita sa mga bahay nila.

Kinabukasan, pinuntahan ko ang kura ng parokya. Ang sabi niya, may mga naririnig nga siyang balita tungkol sa kanyang nasasakupan, pero lagi niya itong ipinag-wawalang-bahala. Simula nang maupo siyang kura, ang simbang gabi ay 5 a.m., wala ring misa de gallo. Noong bago siya, pinilit niyang gawin ang isang simbang gabi ng gabi, pero walang dumalo. Ayon sa sakristan niya, natatakot silang magsimba ng ganung oras, pero wala siyang nasabing dahilan.

Napagpasyahan niyang tingnan bakit ganun ang nangyayari. Isang araw, nagpagabi siya sa isang handaan para makarating sa kum-

bento ng malalim na ang gabi. Nagtaka siya nang bumaba siya sa tricycle. Nakita niya na may ilaw ang kapilya. Sinilip niya ito at nakita na may kasalan. Akala niya ay may naka-schedule, pero nagtataka siya na wala namang dumating na sulat sa kanya o may pari na nag-request ng schedule para sa kasalan.

Nang humarap ang mga kasapi, nakita niyang sunog ang mga katawan nila. Halos mahulog siya sa tuntungan niya sa may bintana. Pumasok siya sa kumbento at kumuha ng holy water. Pagbalik niya sa kapilya, wala na ang mga tao.

Nagtanong siya sa mga matatanda sa lugar. Sabi nila, may kinakasal at naka-schedule binyagan ng araw na iyon nang biglang may isang lalaki na pumasok sa kapilya. Ang sabi niya, dating nobyo siya ng babae. Sinarado niya ang simbahan, hinarang ang jeep niya sa labas at sinindihan ang tangke nito. Habang nasusunog ang jeep, sa loob naman ay nagda-drama siya.

Sinindihan niya ang isang bote na may mitsa. Initsa niya ito sa damit ng babae at agad nagliyab ito. Pinilit ng pari at groom na patayin ang apoy, pero wala na silang magawa. Kumalat ang apoy mula sa damit pangkasal ng babae at sa jeep sa labas ng simbahan. Walang nakaligtas—pati ang batang bibinyagan.


Kaya akala nila na kababalaghan ang nangyayari sa loob ng simbahan, pero ang tooo ay ang mga namatay noong araw na iyon ang nakita nila.

Nag-suggest ako na gumawa ng kasalan at binyagan sa simbahan na dadaluhan ng mga natitirang kamag-anak ng mga ikakasal at ng batang dapat sana ay bibinyagan. Baka dito matahimik ang kaluluwa ng mga nasawi sa trahedya. Agad na hinanap ng kura ang mga records sa munisipyo. Ilang araw ang nakalipas, pumunta ang kura sa bahay ng

tiyo ko. Sinabi niya na nakita na niya ang mga pangalan ng partidos na ikakasal dapat. Gagawin daw ng pari ang seremonyas ng gabi ring iyon. Dadalo rin mga kamag-anak nila. Bibinyagan din ang munting anghel na nasawi sa sunog.

Pagkatapos ng ceremony, nag-bless siya sa mga namayapa. Nagkaroon ng munting salo-salo sa likod ng simbahan at inimbitahan niya ang lahat ng mga nakasaksi sa pagpapakita ng mga multo.

Simula noon, nakakapag-simbang gabi na sila at misa de gallo. Nawala na ang mga multo. Minsan ay nagpaparamdam pa rin, pero mababangong bulaklak na ang naamoy dito lalo na kapag may kinakasal.



# Nagsisimba Pa Sila

Ang tiyo ko sa father side, nakakakita rin siya ng multo. Pero dahil sa may edad na siya at hindi niya tinahak ang tulad ng daan ko, kapag nasa kotse siya at dumadaan siya sa highway na papuntang Bicol, nakalubog siya sa upuan o kaya naman ay sumasakay siya ng eroplano.

Minsan, kasama siya ng mama at papa ko sa isang biyahe dahil namatay ang kapatid ng papa ko. Nag-night trip sila para makaabot sa misa ng 10 a.m.

Pagdating nila sa border ng Quezon at Bicol, bigla siyang lumubog sa kinakaupuan. Nagulat ang Mama. Biglang nag-alala at baka kung napaano na ang matanda. Ihihinto na sana nila ang sasakyan nang biglang sumigaw ang tiyo ko ng, "Huwag mo ihihinto!"

Tinanong nila kung napano siya. Sabi niya, maraming naglalakad. Sinilip niya sa bintana ang pinupuntahan ng isang katutak na multo. Isa palang simbahan. Nakikita niya na napupuno ang simbahan nang unti-unti. Natakot silang lahat. Binilisan ni Mama ang andar ng kotse.

Sumunod na nadaanan nila ang Cagsawa. Halos atakehin sa takot ang lahat ng nasa kotse nang may tumabi pa sa tiyo ko sa loob ng sasakyan. Nagsisigaw sila. Hindi na malaman ng mama ko kung ano'ng gagawin para lang sana makarating na sila sa bahay ng tiya ko.

Pag-uwi nila, nagpasya ang tiyo ko na mag-eroplano na lang dahil aatakehin siya sa puso sa mga nakikita niya.

Kasama ko ang pinsan ko, nagbisita iglesia kami. Ang dulo ng pakay namin ay ang makasaysayan na ruins ng Cagsawa.

*Unang simbahan sa dulo ng Batangas*

Bumaba kami sa simbahan na ito. Madami nang tao na pumapasok sa loob para mag-istasyon ng krus. Nang tahimik kaming nananalangin, may bata na kinakalabit kami. Naka-khaki na shorts siya at puting sando. Sa gitna ang hati ng itim na itim na buhok nito. Naiinis na ako at pinsan ko sa kakulitan ng bata. Sinigawan na siya ng pinsan ko. Hindi pa rin umalis ang bata. Nag-inarte pang galit sa amin. Inilagay niya ang mga kamay siya sa bewang at pinagsalubong ang mga kilay. Natawa ako sa reaksyon niya. Tumayo ako sa pagkakaluhod ko at sinundan ang bata. Papadyak siyang naglakad. Akala mo ay nagma-march siya.

Dumako kami sa isang sulok na malapit sa Nazareno na nasa likod ng simbahan nang bigla siyang lumusot sa dingding! Biglang umikot ang paa ng pinsan ko at namutla. Ako naman ay tumalikod na rin. Akala ko isa lang na multo ang nakikipaglaro sa akin.

May humila ng laylayan ng patalon namin. Siya ulit. Pinapapunta kami sa may dingding. Pinaliwanag ko na hindi kami dumadaan sa dingding kaya hinintay niya kami na makaikot sa labas. Nakapamewang pa rin siya na naiinis sa tagal namin. Ang pinsan ko naman ay parang naka-rugby sa braso ko. Tinuro ng bata ang isang lapida: James Jimenez, 1972-1978. Apat na taong gulang pa lang siya. Umupo siya sa harap ng lapida niya at sinabing wala nang dumadalaw sa kanya.

*Pangalawang simbahan*

Nang makarating kami ng Quezon, napadpad kami sa isang simbahan na hindi naman malaki. Naka-attract sa amin ang malaking rebul-

to ng Sto. Niño sa labas. Pagpasok namin sa loob, lumuhod na lamang kami sa tabi dahil puno ang simbahan sa tanghaling misa.

Narinig namin na may umaray. Sabi ko, "Sorry po." Um-aray na naman. Lumingon ako, pero wala namang malapit sa akin para masaktan ko. Umulit ito hanggang nainis na ako. Pagtayo ko, isang mukha ng babae na walang mata ang nakita ko sa sahig.

*Pangatlong simbahan*

Ang ikatlo naming napuntahang simbahan, mas nakakatakot ang itsura. Nasa loob ito ng maliit na kuweba. Napakalamig sa paligid. Ang lalagyan ng holy water ay nakaukit sa dingding nito, napaka-solemn ng lugar. Iniisip lang namin na sana 'wag gumuho ito. Puno rin ang simbahan kaya napagpasyahan namin na umupo sa dulo nito. Nang may dumating na mag-anak, umupo sila sa ibabaw ng mga taong nakaupo na. Multo pala silang lahat.

Sabi sa kuwento, nagsisimba noon ang mga tao sa barrio nang may pumasok na mga bandido at binaril lahat sila sa loob. Paglabas ng mga bandido, bigla na lamang silang nakitang patay sa dulo ng kalye.

*Ika-apat na simbahan*

Lumipat ako sa harapan ng mga upuan dahil naiinis na ako sa mga nakikita ko nang biglang may tubig na umagos sa paa ko. Akala ko ay may naglilinis ng simbahan. Basang-basa ang paa ko. Pagtingala ko, may isang matandang lalaki ang nasa harap ko. Nakatutok ang mukha niya sa mukha ko. Payat siya at maputi na ang buhok. Wala akong nagawa kundi ngumiti na lamang.

Nalunod siya sa katabing dagat at nang dinaan siya sa simbahan, hindi niya matanggap ang pagkamatay niya. Humihingi siya ng tawad at kaunting relief sa hirap niya ngayon.

*Ika-limang simbahan*

Halos malapit na kami sa Bicol sa biyahe namin. Ito ang simbahan na sinasabi ng tiyo ko na may mga tao na nakita siya na naglalakbay malayo pa lang papunta dito.

Malaki ang parokya. Ang sabi ng mga tagarito, ang lugar na ito ay ang huling simbahan ng Quezon. Ang kasunod na simbahan ay napakalayo na. Ang mga tao ay nagpuntahan dito noong panahon ng Hapon. Ang kura kasi noon ay tumutulong sa mga tao para may makain o may masaka. 'Yun nga lang, nang malaman ng Hapon na ang mga Amerikano pala ang may gawa nito, agad na binomba ang lugar at pinatay lahat ng taong makita sa paligid.

*Ika-anim na simbahan*

May senakulo na nagaganap noon sa harap nito. Halos hapon na nang maabot namin ito. Nakita ng pinsan ko ang isang pari na lumulutang sa harap ng simbahan. Bawat tao ay nilalapitan niya at may sinasabi.

Unti-unti akong lumalapit. Ang pinsan ko naman ay unti-unti akong hinihila palayo. Nang maabot namin ang pari na nakakulay brown na damit, nilapitan ako. Sinabi na, "God bless you."

"God bless you, too," ang sagot ko sa kaniya. Tumigil siya. Ang pinsan ko, naiihi na sa takot. Tumatayo na ang balahibo namin.

Tinanong niya kung kilala ko siya. Sabi ko hindi. Ang kwento niya, inatake siya sa harap ng simbahan habang binabasbasan ang mga lumahok sa senakulo. Isa siyang pari mula sa ibang bansa. Hindi daw niya alam umuwi kaya napagpasyahan niya na manirahan sa simbahan.


*Ang huling simbahan: Cagsawa*

Hanggang ngayon, puno ng multo ang lugar. Halos hindi kami nakalapit dahil sa kapal ng energy sa simbahan. Madami akong nakikita na unti-unting natatabunan ng lava ng Mayon. May mga umakyat sa tore nito, pero dahil sa init sila ay parang kandila na natunaw.

Inalayan namin ng bulaklak ang lugar. Hindi man matahimik ang mga kaluluwa, sana sa munting paraan, naalala sila.

Kinuwento ko lahat ito sa tiyo ko. Simula noon, nagkaroon siya ng lakas ng loob harapin ang binigay din sa kanya ng Diyos. Hindi pala siya nag-iisa.





# Father Peter O. Saint James

Sinama ako minsan ng kaibigan ko sa Olongapo. Madaming mga magagandang tanawin sa lugar na ito, pati ang lumang military base nila. May parte sa loob nito na parang nasa Amerika ka, ang mga bahay ay maliit lang pero kumpleto sa gamit ang loob. May malalaking mga ovens at refrigerators pa.

Ang isang bahay dito may kompletong gamit, pati piano na sinasabing iniwan ng may-ari kasi pinadala kaagad siya sa Amerika para sa panibagong assignment. Sa gitna nitong lugar na ito may maliit na chapel. Napakaganda nito, may mga stained glass na bintana at malalaking mga pinto na kapag binuksan ay kitang-kita ang labas ng bahay.

Nang umalis ang mga foreigners dito ang chapel na ito ang naging simbahan na ng bayan. May malaking krus sa gitna at puno ng bulaklak ang altar. Ang mga halaman sa paligid ay galing pa mismo sa America. Napakadami ring mga puno na iba't iba ang bunga. Doon lang ako nakakita ng puno ng orange at mansanas.

Sa ngayon, ang kura nito ay foreigner pa rin. Maayos ang pamamalakad niya sa parokya. Minamahal siya ng tao at halos dinadayo ang kanyang misa lalo na kapag Pasko. Namimigay kasi siya ng regalo sa mga batang lansangan.

May bahay ang mga pari at kura sa tabi nito na fully furnished. Kapag may bisita ang obispo, dito pinapatira. Hindi kasi sila tumitigil sa kumbento ng kapilya dahil sa isang dahilan . . . may multo sa kum-

bento.

Dahil sa kilala namin ang isa sa mga pari dito, dinala kami sa kapilya. Doon nakita ko ang isang napakagandang kapilya—yari sa marmol ang sahig nito, ang krus ay yari sa narra, maliit lang ang tabernakulo, pero puno ito ng iba't ibang kulay na bato. Ang mga santo ay galing pa ng Italya.

Bilang respeto, nagdasal kaming magkakaibigan sa loob. Mamaya lang ay may naaninag kaming dumaan na napakabilis sa harap namin. Nagtinginan kami. Tinuloy namin ang panalangin namin. *Swoosh!* May dumaan na naman.

Hindi pwedeng ibon dahil ito ay nakatayo. Kinuha ni Jaime ang camera niya at tinutok sa altar. Nagkunwari kami na nagdadasal. Sa oras na iyon, nanakit na ang tuhod ko. Pero tuloy pa rin kami.

Maya-maya dumaan na naman. Nakunan namin ito sa camera. Agad na pinanood namin ito. Isang lalaki na kulay itim ang suot, halos mukha lang ang nakita namin. Maayos ang kanyang gupit, matangkad siya at hindi siya Pinoy.

Pinakita namin ito sa kura. Na-recognize niya ang tao. Isa siyang taga-simbahan dati, chaplain ang tawag sa kanya. Noong nagsimula ang Gulf War, ipinatawag siya para magserbisyo doon. Ang kasalukuyang kura ay bumibisita pa lang noon sa base.

Mahal na mahal ng chaplain ang munti niyang kapilya. Siya ang nagtiyaga na nagtanim ng mga halaman at nag-alaga ng mga ito. Pati ang mga tao na nagpupunta sa kapilya ay isa-isa niyang kinakausap. Kilalang-kilala siya sa buong probinsya.

May medical mission pa siyang pinapangunahan kapag may bagyo o panahon ng tag-init. Masaya siyang nasa Pilipinas at proud siya sa nagagawa niya na. Ang kanyang mga magulang ay tumira malapit

dito.

Kahit na ibang relihiyon ay kanyang nirerespeto. Minsan dumalo siya sa isang kasalan ng Jews dito sa loob. Pati mga Muslim sa labas ng base ay binabati niya. Bago nga siya umalis ay binisita niya ang community nila para malaman niya ang tradisyon at kultura nila para daw hindi niya masaktan ang kalooban nila habang nasa Kuwait siya.

Masama ang loob niya na iwan ang kanyang anak—ang kanyang kapilya. Pero umalis siya at namatay siya nang bombahin ang kanilang kuta sa Kuwait. Bago pa man siya mamatay, nasabi na niya sa kaniyang mga magulang na gusto niyang mailibing malapit sa kaniyang mahal na kapilya.

Pinuntahan namin ang isang maliit na lapida na may mga daisies at lilies sa gilid. Favorite daw ng chaplain ang kulay violet. Kaya gustong-gusto niya ang Mahal na Araw kasi naka-violet sila at masyado niyang pinapahalagaan ang sakripisyo ni Kristo.

Isa lang siya sa nakita namin na multo.

Pinasok namin ang bakanteng kumbento. Kompleto rin ito sa gamit—mula sa ovens at mga upuan na yari sa mataas na quality na kahoy at tela. Ni-suggest ng pari naming kaibigan na doon na kami magpalipas ng gabi. Nag-agree kami sa suggestion niya.

Pagdating ng 6 p.m., narinig namin na may misa sa loob ng kapilya. Sa loob ng kumbento, parang sumikip ang paligid. Habang palubog ang araw, may nakita kaming mga nakatigil sa loob ng kapilya.

Nakaupo kami sa mesa nang may kumurot sa hita namin. Hindi kagat ng lamok. Nararamdaman naming mga daliri ang umiipit sa balat namin. Nagulat ako nang silipin ko ang ilalim ng sapin ng mesa—isang duwende ang nakita ko. Maputi ang balat nito at ang kamay niya ay may kulay dilaw na kuko, kulay berde ang mata niya at ang suot niyang

damit ay puti na may kumikislap na parang firefly sa dilim.

Nang makita ako, tinakpan niya ang kanyang bibig at parang tumawa siya. Tapos nawala. Si Jaime ay nakakita ng berde. Bigla siyang tumayo at sinundan ang dwende. Nawala ito sa nitso ng paring nakalibing sa gilid ng kapilya. Biglang may narinig kaming boses mula sa likod namin—ang hardinero.

"Nakita niyo rin ba ang duwende?" ang tanong niya sa amin.

"Oo!" ang sabay-sabay naming sagot.

Ang mga duwende raw ay alaga ng chaplain noong nabubuhay pa ito. Pinapatahi niya ito ng damit sa asawa ng hardinero. Akala nga ng iba ay may anak ang chaplain. Ang mga damit ay nilalagay niya sa ilalim ng puno ng mansanas at orange sa likod. Sa umaga ay mawawala ito. Noon daw panahong wala pang hardinero ang kapilya, nagtataka ang ilan kung paano nabubuhay ang mga halaman na ang iba ay galing sa Amerika. Ibang-iba ang klima ng Pilipinas sa US.

Nadiskubre ng chaplain ang duwende nang maghukay siya sa likod ng kapilya nang may kumuha ng rosaryo niya na nakalagay sa may likuran niya. Sinundan niya ang lumulutang na rosaryo at natunton niya ang bahay ng duwende. Nang panahon na iyon, may namatay sa pamilya ng duwende at binigyan ng pari ito ng maliit na kahoy na kabaong. Simula noon ay naging magkaibigan na sila. Kaya noong umalis ito papuntang Kuwait, hindi namunga ang mga halaman at halos namatay lahat. Nang dalhin ang katawan niya dito, nabuhay lahat ang mga halaman. Ngunit mas nakakapagtaka na naging kulay violet lahat ng halaman, kahit rosas.

"Nang nagpunta ang asawa ko dito, nakita niya ang mga duwende. Itinahi niya ng damit ulit sila at sinabi na hindi sila pababayaan. Kaya pumasok ako bilang hardinero.

"Pero natakot ang kura sa loob ng kumbento. Dahil sa mapaglarong mga dwende, hindi na siya dito tumira," ang kuwento pa ng hardinero.

Lahat ng mga tagarito, pwedeng kumuha ng halaman at mga prutas. Pati na mga gulay. Ayon sa pari, ang kanyang kapilya ay inaalay niya sa Diyos at sa tao. Bago kami umalis, nag-alay kami ng kandila sa namayapang chaplain at bumili kami ng kulay violet na mga candies para sa kanyang mga alaga. Sila pala ang kanyang sinasabing mga anak—ang mga duwende.



# Katok

Lagi akong fascinated sa mga simbahan. Napa-gothic ng kanilang mga structure at iba-iba ang makikitang mga santo, pati na ang itsura ng tabernakulo. Lagi kong iniisip na bawat simbahan ay isang obra-art. Bawat simbahan ay may character ng bawat taong gumawa nito, mula sa magagandang tabernakulo hanggang sa magagarbong chandelier.

Sa mga gilid nito ay iba-ibang style ng way of the cross. At ang mga santo na antigo ay napakaganda. Lalo na ang magagarbong mga damit ng Ina ng simbahan, si Maria. Iisipin mo na bawat hibla ng kanyang damit ay pinagpaguran ng mga taga-parokya.

May mga kababalaghang nangyayari sa isang simbahan sa Camarines Norte. Ayon sa kuwento, sa gabi daw ay may naglalakad na mga pari sa loob nito at minsan pa daw ay kumakanta na parang Gregorian chant ang dating.

Pero mas nakakatakot ang nalaman ko na kuwento. Sabi ng mga tagaroon, kapag bilog daw ang buwan, ang mga pari ay lumalabas sa kapilya at isa-isang kumakatok sa bawat bahay. Kapag kumatok ang isa sa kanila sa pintuan ng isang bahay, siguradong may mamamatay sa pamilya na nakatira dito.

Pinadala kami ng head ko sa bayan na ito. Agad na pinapunta ako sa simbahan na malayo pa sa capital ng lalawigan.

Maliit ang parokya. May parking lot sa unahan. Noong pagpunta

ko, may banderitas na nakasabit dahil kakatapos lang ng fiesta. Sa tuktok ng simbahan ay may imahe ng Birhen na inukit sa bato. Ang tore nito ay mababa kaya naman nakikita ang kampana mula sa labas. Sa loob nito, makinis ang marmol na sahig. Lahat ng pillars nito ay may santo. Binilang ko, 12 lahat ng apostoles. Sa ibaba nito ay way of the cross at siyempre electric fan.

Magarbo rin ang altar. Ang krus ay yari sa kahoy na may ukit ni Kristo sa gitna. Black stone ang mesa ng altar at marmol naman ang patungan ng tabernakulo.

Ang nag-imbita sa akin ay ang may-ari ng bahay sa tapat nito. Noong isang linggo lang kinatok sila ng pari at nang buksan niya ang pinto, itsura ng kanyang pangalawang anak na nag-aaral sa lungsod ang lumarawan sa kaniyang isipan. Tinawagan niya ito, pero nasa mabuting lagay naman.

Ilang araw ang nakalipas, biglang naaksidente ang kaniyang anak habang tumatawid sa kalye, nahagip siya ng isang truck at tumilapon ng ilang talampakan mula sa point of impact. Halos hindi na siya makilala. Dahil sa ayaw na niya itong mangyari sa iba, napilitan siyang ipatawag kami para maintindihan nila ang rason bakit ito nangyayari.

Kinagabihan, tumambay kami sa labas. Dinadalhan kami ng salabat ng may-ari at sinabing gisingin siya kapag nakita ang mga multo. Isinama namin sa surveillance ang kanyang apo, si Amy.

Gamit ang night vision camera, nilagay namin ito sa harapan ng simbahan at nag-antay. Unti-unti kaming tinatalo ng antok . . .

Biglang kinalabit kami ni Amy. May mga lumalabas sa saradong simbahan,

1, 2, 3, 4, 5, 6 . . .

Labing walong lalaki na nakamahabang damit na puti. Isa-isa

silang bumababa sa steps ng parokya. Sinundan namin nang may distansya ang isa. Malayo na ang aming nilalakad. Buti nga siya lumulutang lang, kami umiinit na ang sakong kakalakad.

Nakaabot kami sa isang bukid. Naaninag namin na kinatok niya ang isang bahay at nang buksan ito ng may-ari, isang mahabang sigaw ang narinig namin. Biglang nawala ang multo.

Dahil sa hindi namin alam kung nasaan kami, hinintay naming magliwanag at sumakay ng tricycle pauwi sa bayan. Tinanong namin ang tricycle driver sa mga pangyayari.

Sabi niya, ang mga kumakatok daw sa mga bahay ay si kamatayan daw. Bawat sundo nito ay dinadala niya sa kapilya. Isang paraan daw ito para mapunta sa langit ang mga kaluluwa ng mga namamatay.

Pumunta ako kagad sa loob ng kapilya. Sumigaw ako sa loob nito at sinabi kong magpakita sila. Naiinis ako na wala akong nakakausap sa kanila. Pag-ikot ko, may isang lalaki na nakayuko at nagtanong kung bakit ako naghahanap ng sagot.

Lumapit ako sa lalaki na maitim ang buhok at nakasutana, pag-angat ng mukha niya, nakita ko ang kulay abo na mukha at mapulang mata na puno ng lungkot. Tinanong ko kung sino siya.

Isa daw siya sa mga pari na nasa loob ng simbahan. Pilit kong inaalam sa kanya kung bakit siya nandoon. Maya-maya, dumami sila sa harapan ko. Halos pare-pareho ang itsura nila. Kulay abo at mapula ang mga mata.

Hinawakan niya ako sa kamay. Bigla akong napunta sa isang bukid. Nakita ko silang lahat na nakasabit sa isang puno at unti-unting sinusunog. Napaluha sa galit ang naramdaman ko.

Lumapit ang pari sa tabi ko. Sa pagkakataon na iyon, nasa maganda siyang itsura. Maputi siya at may nunal sa pisngi, mapula ang labi

niya at maitim ang buhok. Halos kaunti lang ang agwat ng taas namin. Sinabi niya na ang parokya ay nilusob noong panahon ng mga Hapon. "Ginawang ospital ang lugar namin at bawat araw ay may namamatay sa community. Isa-isa kaming kumakatok sa bahay-bahay para magsabi na namayapa na ang kanilang mga mahal sa buhay. Minsan ay para nang manhid sa pakiramdam ang mga pinagsasabihan namin," ang kuwento niya sa akin.

"Ginagawa kasing guinea pig ang mga tao noon. Kung anu-ano ang ginagawa ng malupit na commander. Halos pati kami gusto na sumuko, pero lagi na lang may nakatutok na sundalo sa likuran namin.

"Hanggang nagkasundo kami na hindi na namin kaya ang ginagawa nilang pangre-rape sa mga babae at mga eksperimento sa mga bata at lalaki. Dinala kami sa bukid at tinali a ,a-isa kaming sinunog," ang malungkot na pagbabalik-alaala ng par'

Sinabi ko ang pakiramdam ng mga ıo sa paligid a kasalukuyang panahon at kung paano sila natatakot sa pagkatok ng mga multong pari. "Matagal nang walang giyera sa lugar," ang sabi ko sa kaniya.

Nilapitan ako ng mga multo hanggang halos magsuka ako sa lakas ng energy nila. Natumba ako sa sahig.

Nagising ako na nasa ibabaw ng isa sa mga silya. Tinanong ko ang mga kasama ko kung anong nangyari. Bigla na lang daw akong hinimatay. Pagbangon ko, napansin ko ang sulok ng simbahan. May mga pangalang nakaukit sa dingding nito. Tumayo ako at binasa isa-isa. Pinalista ko sa kasama ko ang mga ito at sinabi ko na pumunta ng munisipyo para sa records ng mga taong ang pangalan ay nakaukit sa simbahan.

Nakita kami ng kura. Sinabi niya na nalaman niyang iniimbestigahan namin ang mga pari. Minsan daw ay natatakot na ang kanyang

mga parokyano dahil sa kuwento. Tinanong namin kung siya mismo ay nakakita ng mga multo.

"Oo," ang sabi niya. "Pero hindi ako natatakot dahil naramdaman ko ang hinagpis nila. Ilang beses ko na silang ipinagdasal, pero wala pa ring nangyari."

Kinahapunan, may blessing ng patay sa simbahan. Nakita ko ang isa sa mga pari na nasa tabi ng kabaong. Inabangan ko at sinabing iba na ang oras, iba na ang mga tao sa paligid. Inaalam ko sa kanya ang pakay nila sa lupa.

Madami daw silang nagawa na masama sa tao dahil sa utos ito ng mga Hapon. Wala raw kapatawaran ang mga nagawa nila.

Kinuwento ko ito sa may-ari ng bahay. Napagpasyahan niyang magdaos ng misa at parangal sa mga paring ito.

Ilang buwan ang nakalipas, may sulat na dumating sa akin. Nagmisa sila para sa mga namayapa at isa-isang nagsalita ang mga dating naninirahan sa sinasabing lugar kung saan kumakatok ang mga multong pari. Nagpasalamat sila sa kabayanihan ng mga pari. Pinarangalan din sila ng obispo at ng congressman nila.

Mula noon daw ay wala na silang nakita o narinig man lamang sa lugar. Wala na ring kumakatok sa mga bahay nila. Nagpasalamat din sila sa amin sa nakadiskubre naming kuwento sa likod ng mga ginagawang pagkatok ng mga pari.



# Ang Babae, Ang Pari, at ang Medalyon

May pinuntahan kaming simbahan sa Bohol. Ang lugar na ito ay pinupuntahan talaga ng mga tao kapag may hinihiling silang bagay tungkol sa pag-a-abroad o sa trabaho. Simple lang ang simbahan na ito, akala mo walang structure sa gitna ng napakagandang parke. May mga upuan na bato, mga puno na napakaganda, may fountain, aviaries, orchids at iba pa. Parang Luneta ang dating.

Maliit ang simbahan. Noong panahon pa ng liberation ito itinayo. Ayon sa kwento, may dahilan ang paggawa nito. May panahong naghihirap ang mga taga-nayon dahil sa kakulangan ng pagkain, wala rin sila masyadong palay o seeds na pwedeng itanim. May isang paring Dominikano ang naligaw sa nayon at napansin ang paghihirap ng mga tao. Nagdala ito ng kaunting binhi at mga prutas na galing Maynila. Ang pinakaimportanteng dinala sa nayon ng pari ay ang San Lazaro dela Vega. Simula noon, umunlad ang lugar. Hanggang sa mga araw na ito, hindi sila nagkakaron ng sakuna.

Nakarating kami sa lugar ng halos tanghali lang. Kaka-park lang namin sa isang malilim na puno. Paglingon ko sa may side mirror sa kanan, nakita ko ang isang medalion na yari sa plastic. Tinanong ko sa tiyo ko kung bakit naiwan ang kuwintas na ito sa side mirror. Sabi niya, hindi sa kanila iyon at saka wala daw 'yun nang nagda-drive siya.

Kinuha ko ito at nilagay sa bulsa ko. Pumasok kami sa loob. Kakaunti ang tao. Nagdasal kami nang sabay-sabay. Sa gilid ng mata ko ay may nakita akong isang babae na teenager ang itsura. Umupo ako at pinagmasdan ko siya.

Nakayuko siya na mahigpit ang hawak sa kanyang tiyan. Nakasuot siya ng puti at simpleng T-shirt at palda. Ang kaniyang palda ay may lace sa dulo. Maputla ang kanyang itsura, payat na parang malnourished at may sugat siya sa tuhod niya.

Umiiyak siya at parang desperado sa kanyang panalangin. Tinanong ko kung bakit siya andoon. Nang makita niya ako, nagulat siya at nakikita ko siya. Hinawakan niya ang kamay ko at may pinakita na visions. Isa siya sa mga active sa simbahan. Simula ng bata pa siya, laman na siya ng lugar. Nang magdalaga siya, nag-isip siya na mag-madre kaya nag-organize siya ng maliit na grupo ng mga kabataan para maging helpers ng simbahan at tumulong sa community.

Minsan, ginabi siya sa pag-uwi dahil magpi-fiesta noon sa parokya. May humarang sa kanila na mga lalaki. Binugbog ang mga lalaking teenagers at pinagsamantalahan ang mga babae. Dinala pa siya sa may bukid at hinalay hanggang mag-umaga. Umuwi siya na nakahubad at wala sa sarili.

Ilang panahon siyang ginamot ng kanyang magulang at tinulungan ng parokya sa pagbangong muli. Nang unti-unti siyang nakaka-recover, biglang nalaman niya na buntis siya. Hindi niya makayanan ang nangyari sa kanya. Ganun din ang dalawa pa niyang kasamang babae, nagdadalang-tao rin.

Nag-usap silang magkakaibigan na pumunta sa simbahan ng gabi at umupo sa harapan. Taimtim silang nagdasal at humingi ng tawad. Naglaslas sila ng pulso. Nakita sila ng caretaker pagbukas ng pintuan ng simbahan, pero huli na ang lahat. Binitawan niya ang kamay ko at umiyak.

Hindi niya alam kung paano hihingi ng tawad sa Diyos. Nahihiya siya na harapin ang langit dahil sa ginawa niya. Sinabi ko na makipag-usap sa pari sa pagtulog nito para makakuha siya ng kumpisal.

Kinalabit ako ng mama ko, aakyat daw kami sa kumbento para

ipa-bless ang imahe ng santo. Parang nasa lumang bahay ako nang pumasok ako sa kumbento. Napakalaki ng mga bintana, kahoy ang sahig, kulay aquamarine ang dingding at antigo ang mga gamit.

Napansin ko ang isang santo na sinusundan ako ng tingin. Nang umupo kami sa waiting area, nakatitig ito sa akin. Tumayo ako at hinarap ko ang santo.

Tinanong ko kung sino siya. Isang matandang lalaki ang nagtatago sa loob ng santo. Nagtataka siya kung bakit ko siya nakikita. Nang umalis ang mga kamag-anak ko ay kinausap ko siya at tinanong kung ano ang kwento niya. Dati siyang pari sa parokya, nakasutana siya na puti at matangkad, kulay puti na ang buhok. Lagi siyang nakangiti, may singsing siya na may kulay blue na bato.

Hinawakan niya ang balikat ko at dinala niya ako isang madamong lugar. Malamig at mahangin. Sabi niya, mahal niya ang bayan na iyon, minahal din siya ng mga tao. Kilala siyang masayahin na pari. Lagi na lang may joke sa bawat sermon, at laging nagbibigay ng mga pagkain sa mga naghihirap. Noong panahon ng rebolusyon ng mga magsasaka, isa siya sa mga nakipaglaban sa parte ng mga ito. Hanggang Maynila, nakaabot siya. Hanggang nakamit nila ang hinihingi nila. Bigla siyang nagpa-fiesta sa nayon at lahat dumalo at nakipagsaya kasama ang bayaning pari.

Nang isang gabi, papunta siya sa bahay ng Mayor para makiusap ito sa problema ng mga taga-barrio sa elektrisidad. Biglang binaril siya ng isang grupo ng goons. Dinala siya sa simbahan at doon sa gitna ng parke nilibing. Pinagawan rin siya ng bust ng mga taga-bayan para magbigay parangal sa kanya. Ilang buwan lang ang nakakalipas ay naaresto ang mga bumaril sa pari.

Unti-unti kaming bumalik sa kumbento. Tinanong ko kung bakit siya naiwan. Ayon sa kanya, malapit sa loob niya ang simbahan. Lagi niyang inaalala na ang mga dadaan na pari dito ay aabusuhin ang kan-

yang nasimulan na maganda. Kaya lagi niyang pinagmamasdan lahat, pati ang mga nasa loob ng kumbento. Ang sabi ko sa kanya, sa nakita ko, maganda ang pamamalakad sa simbahan. Kailangan na rin niya na magpahinga. Itinuro niya ang isang plank sa sahig. Yumuko ako at isiniksik ko ang mga daliri ko sa gilid at bumukas ito. Kinapa ko ang ilalim. Nakita ko ang isang Bibliya at maliit na supot na yari sa tela. Binuksan ko ito at nakita ko ang kulay blue na singsing niya. Sabihin ko daw sa kura na mahalaga sa kanya ang singsing dahil binigay ito ng kanyang lola noong natapos siya sa vocation.

Nagkaroon na siya ng kutob na mamamatay siya anytime nung panahon na iyon kaya itinago niya ang mga gamit niya sa ilalim ng sahig dahil ayaw niya itong mapunta kung kanino lamang.


Binigay ko sa kura ang singsing. Nagulat siya kasi akala nila ay ninakaw ang singsing. Binuksan niya ang Bibliya. Nakita niya ang isang booklet ng bangko. May sulat na nakalagay sa loob. Sabi sa sulat, ibigay sa kanyang kapatid sa Tondo lahat ng sweldo niya bilang pari na inipon niya.

Ang singsing niya ang ilalagay sa tabi ng tabernakulo para pagbibigay parangal sa kanya. Tinanong niya kung paano ko nakita ito. Itinuro ko ang butas sa sahig. Sinabi ko na lang na natapilok ako.

Iniwan ko ang kumbento. Hinabol ako ng multong pari. Nagpasalamat at sinabing alam niya na nasa mabuting lagay na ang kanyang parokya.

Siya daw ang naglagay ng medallion sa kotse namin. Lahat ng bago ay binibigyan niya ng medallion para matandaan nila ang munti niyang parokya.

Hanggang ngayon ay nasa akin ang medallion, nasa kamay ng aking Sto. Niño. Kung nasaan man si Father Lorenzo, sana nasa maayos siyang kamay.



# Kapilya

Taong 2000, may isang organizer ng isang religious contest para sa mga kabataan ang nag-imbita sa akin para mag-cover ng contest. Habang dinadaos ang contest, ang organizer na nag-imbita sa akin ang nag-share ng isang istorya tungkol sa isang group ng contestants galing Negros Occidental.

Kinuwento niya na ang grupo ay naghahanap ng lugar para mag-practice. Dahil panahon ng summer, walang eskuwelahang pumayag dahil hindi ito kasama sa school activities.

Nagpasya sila na gawin na lamang ang practice sa isang bakanteng structure malapit sa isang bukid. Madami ang nangamba dahil baka hindi sila payagan ng magulang nila na mag-practice sa lugar na iyon.

Ngunit wala silang choice. Lahat silang 20, nag-decide na mag-practice sa place na 'yun dahil wala nang ibang lugar at isang buwan na lang ang nalalabi at magko-contest na. Dahil gusto nilang makasali, karamihan sa kanila ay hindi nagpaalam sa magulang at tumuloy sa bakanteng structure.

Isa sa mga contestants ay si Charlotte. Maagang dumating ang dalaga sa lugar. Dahil siya ang una, nag-decide siya na libutin ang lugar. Nagkasundo sila sa oras na 2 p.m.

Sa kakalibot niya, nakarinig siya ng mga boses ng mga bata sa dulo nito. Akala niya ang mga kasamahan niya kaya dali-dali niyang

pinuntahan ang mga boses. Nakita niya ang dalawang bata, babae at lalaki.

Ang babae ay nakasuot ng puting damit na may mahabang ribbon sa likuran. Ang lalaki naman ay mapula at may buntot. Naglalaro sila ng lobo habang nagtatawanan. Nang makita ni Charlotte ang mga ito, bigla siyang hinimatay.

Nang magising siya, wala pa rin ang mga kasamahan niya. Wala na rin ang dalawang bata. Tumayo siya at nakakita siya ng mahabang mesa na puno ng alikabok. Hinawi niya ito at nakita na yari ito sa bato. Nang biglang may hangin na dumaloy sa katawan niya, pagtalikod niya nakita niya ang malaking krus na nakatayo sa likod niya. Napasigaw siya at napatakbo nang may isang lalaki na humarang sa kanya. Bigla siyang tumigil. Hindi alam ni Charlotte kung tao 'yun o maligno.

Ngumiti ang lalaki, sabi niya tao daw siya. Doon pa lamang napanatag ang loob nito. Ang lalaki ay nakasuot ng polo na puti at itim na pantalon. Bata pa ito, nasa 30 pa lang. Makinis ang kutis at maayos ang buhok, may salamin at maganda ang tindig. Tinanong nito si Charlotte kung bakit ito andun.

Sabi niya magpa-practice sila ng kanta sa lugar na iyon. Parang hesistant siya na magsabi sa binata at baka isumbong siya sa bahay nila. Sinabi ng binatang dati siyang nakatira sa lugar kaya lang ay hindi na muli inayos ito. Sabi niya na dati itong simbahan at siya ang dating pari doon. Pinupuntahan niya ito at nalulungkot sa nakikita niya.

Niyaya niya ang dalagita sa loob nito. Napansin niya na ang mga gamit dito ay antigo na. Madami na nga daw ang nawawala sa kanyang parokya. Nabakante ito nang itinayo ang basilika sa bayan at doon na nagsisimba ang mga tao. Unti-unti nang nawawalan ng tao ang lugar at nag-decision ang obispo na iwan na ang lugar.

Nasaktan siya kaya nanatili pa siya sa kapilya, inaayos ang mga santo. Pero ipinadala siya sa ibang lugar kaya napilitan siyang iwan ang

kapilya. Mula noon ay wala nang nag-asikaso pa ng lugar.

Naaninag ng pari ang mga kasamahan niya at sinabing parating na sila. Lumingon siya at kinawayan ang mga kasama. Paglingon niya ay wala na ang pari.

Kinuwento niya ang nangyari. Hinanap nila ang pari at sinabi ni Charlotte na baka daw umuwi na ito sa bahay niya. Tinuloy ng mag-kakaklase ang practice.

Kinabukasan, nakita nila muli ang pari. Ipinakilala niya ito sa mga kasamahan at sinabing gusto nilang maayos muli ang kapilya para mawala ang mga nagpapakita dito. Kaya bago mag-practice, nag-Bible study muna sila. Matapos ang practice, inaayos nila ang munting parokya.

Nagugulat sila sa mga sharing ng pari. Lahat ng sinasabi niya ay tumutugma sa bawat problema ng bawat isa. Ang iba naman ay natutuwa dahil kahit papaano, nabibigyan ng liwanag ang buhay nila.


Tinutulungan din sila sa tono ng kanilang kanta. May isang kanta rin ang binahagi ng pari na napakaganda. Sinali nila ito bilang contest piece nila.

Inipon nila ang kanilang pera at bumili ng pintura at mga bombilya para sa kapilya. Nagulat sila sa itsura ng kapilya. Kumikinang ang dingding nito dahil sa napakagandang mga bricks na yari sa mamahaling materyales. Ang mga santo, naggagandahan at napakalaki.

Ang krus sa gitna ay yari sa narra. Inilabas din ng pari ang treasure ng kapilya, ang Birhen Maria na nakasuot ng napakagandang deep blue na kapa at kulay ginto na panloob. May belo ito na yari rin sa ginto. Ang mukha niya ay makinis. Maputi na ang buhok niya at abot hanggang bewang nito. May staff siya na nakatutok sa mga anghel na lumilipad sa paanan niya. Ang kapa niya ay may mga gintong burda, sa kanang kamay niya ay kumikinang ang crystal na rosaryo na parang luha ang itsura.

***About the author***

*Sharron Navera is a clairvoyant and a known paranormal lecturer. She is also one of the preferred resource persons of TV networks to explain extraordinary occurrences to the viewing public. She has been active in her paranormal practice/research for the last fourteen years and has helped a number of people—both the living and the dead—in their quest for their calling and the realization thereof. Her discovery of her gift came early in her childhood as she started seeing ghosts and even had interactions with them at the age of 5. During high school, the realization of her calling started as she was taught how to pursue the gift of precognition. After college, she studied traditional practices and legends locally, joined several famous groups and continued to educate people on the paranormal realm.*



*Sharron Navera writes about true paranormal cases in churches she personally handled. She talks about encounters with headless priests, avenging souls, restless spirits–all crying for help.*

*Read and believe: your place of sanctuary is also the place of nightmares.*

*The house of your faith is also the dead's domain.*

*Pray hard. Pray for your life as you read,,,*

# Haunted Churches




National Book Store
HAUNTED CHURCHES
09/13/11
P85.00


ISBN: 97897103728